

## JEHOVAH-JIREH <sup>2</sup>



Manatili tayong nakatayo, sandali, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

<sup>2</sup> Makalangit na Ama, kami po'y lubos na nagpapasalamat, ngayong gabi, para sa pagkakataon na nagkaroon kami, na makadako muli sa bahay panambahan, kung saan inihaharap namin ang aming mga sarili at aming mga suliranin sa Iyo, na Iyo pong ipinangako na ikakatagpo sa amin dito sa ilalim ng nabubong Dugo. Ang tanging dako na inilaan kailanman ng Diyos na ang isang makasalanan, o sinuman na makatagpo ang Diyos, ay sa ilalim ng nabubong Dugo. Kaya kami'y lumalapit sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na may kabatiran na Iyong ipinangako na kung—kung kami'y may hihilingin na anuman sa Pangalan na iyon, ay ipagkakaloob ito. Sinasampalatayanan Ka po namin, Ama. Iyo pong tulungan kami sa aming kawalan ng pananampalataya. Idinadalangin namin na ang amin pong pagtitipon, sa gabing ito, ay para sa kaluwalhatian ng Diyos, na ang Diyos ay maparangalan, at ang Kanyang Pangalan ay mapagkilala sa gitna ng mga tao. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, na Anak ng Diyos. Amen.

Makakaupo na.

<sup>3</sup> Itinuturing kong isang pribilehiyo ang makadako muli rito ngayon gabi, at makita ang kalugud-lugod na grupo ng mga tao na nagtipun-tipon sa dako rito. Sa tingin ko'y, ang sabi nila'y isang stock exhibit ito. Marami-rami na rin akong naidaos na mga pagtitipon, halos, sa lahat ng iba't ibang klase ng lugar sa palibot ng mundo. Naalala ko 'yung dun sa California, nagdaos ako ng dalawa o tatlong mga pagtitipon doon sa Cow Palace, gaya ng tawag nila dun. At sa iba't iba ang laki po, mula sa maliit na silid na lima o anim na tao ang naroon, hanggang sa, buweno, pinaka malaking pagtitipon na idinaos namin minsan, doon po sa Bombay, na limangdaang libo ang naroon sa isang pagtitipon.

<sup>4</sup> Pero, sa Bombay, napaka dakilang bagay nga, na ang ating Panginoon ay nagligtas ng napakaraming tao. Kung makukuha lamang natin ang pakikipagtulungan ng mga kaiglesyahan, ay magagawa nilang akayin ang mga Hindu na naroon at iba pa. At kung tutuusin sila roon, ay 'yung matatawag natin na, "mga di-mananampalataya." Sinuman na di nananampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, ay tinatawag natin na isang "di-mananampalataya." At talagang libo-libo ang tumanggap noon kay Cristo, mangyari lang na . . . di n'yo maabot silang lahat.

<sup>5</sup> Pagkatapos sa Durban, Timog Aprika, 'yung naitala namin, na mga tao na naroon, ay tatlumpung libo sa isa pa lamang na pagtawag sa pagdulog sa altar, sa isang hapon. Doon nga rin,

ay nung sumunod na araw, ang alkalde, si Sidney Smith, ng Durban, haya't nasa pito o walong naglalakihang Britong van ang pinagtambakan nila nung mga lumang mga saklay at mga bagay-bagay na ginamit ng mga tao para makapaglakad, nang daan-daang milya. O, gamit-gamit nila 'yun nang ilang linggo, sa pagsuong nila sa kagubatan, karga-karaga sa duyan. Hayan nga't itinambak nila ang mga 'yun dun at napuno.

<sup>6</sup> Tinawagan ako ng alkalde, sabi, "Dali't magpunta ka sa bintana mo na nakaharap sa Karagatang Indian, doon sa labas mula sa iyong hotel." sabi, "at makikita mo ang isang bagay na di mo pa nakikita kailanman."

<sup>7</sup> At bumantad nga roon 'yung naglalakihang mga van na pinagtambakan ng mga 'yun, na tinatawag natin, na mga saklay at mga duyan-duyan, at iba pa, na nagkarga sa mga mahal nila sa buhay sa pagtawid ng kagubatan. At 'yung mga tao na karga-karga nung mga 'yun, nung isang araw bago 'yun, ay naroon na nagsisipaglakad na sa likod ng van, nagsisiawit ng *Only Believe* sa kanilang katutubong wika. Sadya ngang isa po 'yung kaligaligayang tanawin na makita.

<sup>8</sup> At naroon din ang mga doktor. Marami po sa kanila ay sila mismo ang tumingin dun sa mga kaso, para makasigurado na totoo talaga ang mga 'yun. Di natin gustong maglatahala ng ano man, o maglimbag ng ano man, maliban na mapatunayan ito, na totoo talaga. Kinakailangan na napatunayan mismo!

<sup>9</sup> Katatanggap ko lang po ng liham mula sa isang... kani-kanina lang. Kararating lang nito sa akin. Espesyal po ang pagkakapadala, mula sa isang kilalang doktor sa Indiana. Isa siyang Katoliko, sa pananalig. At ang anak po niyang lalaki ay isang pari sa monasteryo ng St. Meinrad sa Jasper, Indiana. Si Dr. C. Ackerman po. At mangyaring nakilala ko siya sa isang lakad ng pangangaso, isang beses. At labing-isang taon na raw siyang nangangaso, ng usang elk. Di pa siya nakakakuha ni isa. At nung gabing 'yun, naupo kami roon hanggang mag-aalas dos, nag-uusap kami tungkol sa Panginoon.

<sup>10</sup> Nung una'y nalaman ko muna na may doktor daw dun sa kampo. Kaya nung pagpunta ko roon, ang inaasahan ko pong makita ay isang mayabang at malamig ang loob na lalaki. Pero ang nakatagpo ko nga ay isang mainam, na kalugud-lugod na lalaki. Siya pa mismo ang lumapit, ang sabi, "Kayo po ba si Kapatid na Branham?"

At sabi ko, "Opo, ginoo, ako po."

At kinamayan niya ako. Sabi niya, "Ako si Dr. Ackerman."

Sabi ko, "Buweno, ikinagagalak ko pong makilala kayo."

<sup>11</sup> Mangyaring napag-usapan namin ang tungkol sa Diyos, at kung papaanong kung Siya'y Diyos mismo, ay mananatili Siya na Diyos, o kung hindi ay di Siya kailanman Diyos. Kita n'yo?

Ang isang Diyos ng nakalipas na kasaysayan ay walang halaga sa panahong ito, kung hindi Siya gayundin sa mga tao ngayon kung papaano Siya noon.

<sup>12</sup> Kaya, nung mga alas tres, kami, oh, ginising kami nung—nung tagapagturo ng daan. At mangyaring . . . Nakatoka rin ako na manguna sa daan, siyanga, na pangungunahan namin sa daan, 'yung nakatoka sa aming kasama sa magkakahiwalay na daan kung saan kami mangunguna sa daan. Doon sa daan, si Dr. Ackerman ay naitoka sa akin.

<sup>13</sup> Doon sa daan, huminto siya, medyo magliliwanag na noon. Inilagay niya ang kanyang kamay sa balikat ko, sabi, “Kapatid na Branham?”

Sabi ko, “Ano 'yun, ginoo, doktor.”

<sup>14</sup> Sabi niya, “Lubos akong kumbinsido kay Jesus Cristo.” Sabi niya, “May anak akong lalaki, alam mo, isa siyang pari rito sa monasteryo.”

Tapos sabi ko, “Ganoon po, ba.”

<sup>15</sup> Sabi niya, “Katoliko ako, sa pananalig. Sa palagay ko ay 'yun nga ang iglesya.” Sabi niya, “Buweno, naniniwala ako na kung—kung Siya nga'y Diyos mismo, Siya'y Diyos ng lahat ng mga tao.”

<sup>16</sup> Sabi ko, “Yan nga ang ganap na katotohanan. Nilikha Niya ang lahat ng mga tao. At sa pamamagitan ng isang Dugo ay nilikha Niya ang lahat ng mga bansa.”

<sup>17</sup> At sabi niya, “Siyanga, po, naniniwala ako rian.” Sabi, “Nabasa ko ang mga aklat mo.” Sabi niya, “Sasabihin ko nga ito. Naniniwala ako, na kung hihilingin mo sa Diyos, na bigyan ako ng usang elk ngayong araw, ay makukuha ko ito.” Sabi, “Labing-isang taon na akong nangangaso ng ganun; naabutan naman ako ng bagyo ng niyebe.”

<sup>18</sup> Sabi ko, “Sige't hihilingin ko sa Panginoon na bigyan ka ng isa, doktor. Yun po ang tanging magagawa ko.” At nung ako'y humiling sa Diyos, ipinanalangin ko siya. Sabi ko, “Doktor, saktong mismong alas nuwebe, ng umagang ito, bibigyan ka ng Panginoon ng isang—isang singko-puntos na lalaking elk.”

At sabi niya, “Nananampalataya ako rian.”

Yun nga ang kinakailangan niya lang gawin. “Kung iyong masampalatayanang ito.”

<sup>19</sup> Mangyaring, isang kasamahan at ako, haya't umakyat kami roon sa ibabaw ng isang burol, at nagbantay para sa oras na 'yun ng pagbantay. Nung ganap na alas nuwebe ay pumutok na ang baril. Haya't nakuha na niya ang limang-puntos niyang lalaking elk. Nagpunta kami roon at tinulungan namin siya na maikarga 'yun.

20 Mangyaring dinadala niya ang mga pasyente niya para sila po'y maipanalangin. Heto't nakatanggap ako ng espesyal na liham ngayon-ngayon lang, na ang sabi rito ay may kaso siya roon ng isa na may kanser, isang babae na mamamatay na raw dahil sa kanser, gusto raw niyang mag-eroplano papunta rito. Pero pauwi na ako, pagkatapos ng kinabukasan, pagkatapos, sa susunod na araw pagkatapos ng bukas. Kaya sinabihan ko siya, na maghintay na lang hanggang sa makarating kami dun, amin ngang ipapanalangin ang babae pagdating namin doon.

21 Kaya, kita n'yo, kung ang isang bagay ay maipababatid lang sa tao nang tama! Napakarami nang usap-usapan tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, at napakarami ngang pagka panatiko ang ikinakabit dito, gaya ng sa lahat ng iba pa. Alin—alin mang relihiyon o kung ano, mayroon at mayroon talagang mga nagsusulputang panatiko.

22 Maging sa mga Mohammedan, makakasumpong ka roon, at maging sa mga Hindu. Makakasumpong ka dun, ng matandang ipokrito na nagpapakitang-gilas lang sa mga turista, humihiga roon sa mga pako at kung anu-ano pa, sa bubog. Pero dun sa mismong liblib, ay may lalaki roon na talagang nananalig sa ganoon. Ginagawa niya 'yun bilang panata ng pagpapakasakit.

23 At—at masusumpungan natin 'yan sa lahat ng bagay. Tayo nga'y makakasumpong at makakasumpong ng pagkapanatiko. Kahit nga sa pagkain ay may panatiko kung kumain. O, o, kung ano pa!

24 Pero kung ang kaso ay mailalatag lamang sa Kasulatan, ay wala ngang kahit na ano... Mangyaring mas marami pa akong nakikitang nananampalatayang mga doktor kaysa sa mga nananampalatayang ministro. Siyanga. Totoo po. Mas marami pa talaga.

25 Nakapanayam na nila ako sa Mayos'. Kung nabalitaan n'yo na 'yun, balitang-balita po 'yun sa mga pahayagan, at sa lahat. At maiinam na mga klinika ng mga doktor sa lahat ng dako. Walang anuman. Kanila 'yung sinasampalatayanan. May—may mga doktor nga ako na lumalapit para sabihin sa akin, tulad na lang dun sa panayam na 'yun, sabi, “Di namin inaangkin ang aming mga sarili na mga tagapagpagaling kami. Ang pakilala namin sa aming sarili ay katuwang lamang sa kalikasan. Isa lamang kasi ang tagapagpagaling; 'yan ang Diyos.”

26 Ilan po ang nakabasa sa *Reader's Digest*, tungkol dun kay munting Donny Morton, na sila mismo'y lumagda dun, “na siya ay gumaling”? At, “Ang himala kay Donny Morton,” *Reader's Digest*. Mangyaring, dun, 'yun 'yung panayam sa akin. Tungkol sa munting batang lalaki na 'yun na sinukuan na ng Mayos', ng Hopkins, at lahat sila. At pinagaling siya ng Panginoong Jesus, pinaigi ang lagay niya.

27 At si Florence Nightingale, ang apo sa tuhod ng namayapa nang si Florence Nightingale, ng London, England. Inilipad po siya mula Durban, Timog Aprika.

28 At ang bagay na 'yun ay mali ang pagpapakilala. Katulad na lang nung . . . maraming beses nga sa . . .

29 At ang Cristianismo ay mali ang pagpapakilala sa mga tao. Ang pakilala sa Cristianismo sa mga tao ay deklarasyon daw ito ng kredo. Ang Cristianismo ay isa pong buhay na Katauhan, si Jesus Cristo, ang Diyos na nabuhay mag-uli, na nabubuhay at nasa gitna natin ngayon. Ang Cristianismo ay isang Persona, hindi isang kredo. “Ang makilala Siya ay Buhay.” Hindi nga sinabing ang Kanyang Salita; di po 'yan ang sinasabing Buhay. “Ang makilala Siya mismo,” at Siya ang Salita.

30 May nagsabi sa akin, di pa katagalan, sabi niya . . . Mayroon akong tinatalakay noon tungkol sa . . . sa isang kaisipan natin tungkol sa isang partikular na Kasulatan sa Biblia. Ito pong lalaki ay isang iskolar. Ang sabi niya, “Buweno, hindi mo yata kabisado't nalalaman ang Biblia mo.”

31 Sabi ko, “Pero nalalaman ko't napagkikilala ang May Akda nang lubos.” Haya't, 'yan po ang mahalagang bagay, ang Siya'y napagkikilala ko. Siya na ang bahala sa iba pang mga bagay. “Ang makilala Siya ay Buhay.”

32 At, ngayon, bukas po ng umaga, dito po sa gusali, doon, ang tagapangasiwa ko ng mga pakikipag-ugnay ko sa labas, si Dr. Lee Vayle, siya po'y narito. Kung may mga katanungan kayo sa isip n'yo, lumapit lang, sasagutin niya, gagawin niya po ang lahat ng makakaya niya, para tulungan kayo. Nandito po si Dr. Vayle. Sa palagay ko ay nasa kung saan siya ngayon sa likod ng gusali ngayon. Napaka inam po na iskolar, at sadya ngang may ganap na kasanayan para sa trabaho niyang 'yun. Kaya, kung mayroon man sa inyo na may katanungan, o kung ano, haya't sa halip na itanong po 'yan ngayon, sa isang pangkalahatang pagtitipon gaya nito, mangyaring, makipagkita na lamang kay Dr. Vayle. Ikagagalak niya na pag-usapan ang anumang bagay na—na gusto n'yong pag-usapan kasama siya. At mangyaring may gawain siya rito, ng umaga. At ikagagalak namin na—na makatagpo ang mga tao rito.

33 At, siyanga rin, ang Linggo ng umaga ay Sunday school, sa buong siyudad. Di po namin—di po namin gustong makuha ang Linggo, Linggo ng umaga o Linggo ng hapon, sa bulwagan dito, dahil di po 'yun—di po 'yun tama.

34 Kita n'yo, sa kaiglesyahan, ang inyo—ang inyong tungkulin ay sa inyong—inyong iglesya. At sa oras na nagdadaos ng mga gawain ang iglesya, doon—doon po ang nararapat n'yong lugar. At di namin gusto na may liliban, habang nariyan kayo sa inyo pong nakaatang na mga tungkulin na dapat n'yong daluhan. Haya't kung ang iglesya n'yo ay nagdadaos na ng rebaybal, at

nagkataon na sumabay ang pagpunta namin dito sa siyudad kung saan kayo nagdadaos ng rebaybal, di namin sinasadya na itaon 'yun, siyanga. Naparito kami para sa maka-Cristianong pakikipagbuklod, magpapaubaya, para sa mabuting hangarin sa lahat ng mga tao, lahat ng mga iglesya. Di namin . . .

<sup>35</sup> Di po ako kasapi sa anumang organisasyon, sa kahit ano. Di ako kabilang sa anumang organisasyon. Isa—isa lang akong Cristiano. At ako po, anuman ang impluwensya na mayroon ako, sinisikap ko lang na magamit 'yan para—para magbigay ng karangalan kay Cristo, at akayin ang mga makasalanan tungo sa pagsisisi. At 'yun lang ang lahat ng nalalaman ko na gawin. Umaasa, na sa Araw na 'yun, at nananalig na sasabihin Niya, “Mabuting gawa.” At 'yan po ang mga salita na gusto kong sabihin . . . na gusto kong marinig na sabihin Niya.

<sup>36</sup> Madalas kong binubulay. Gustong-gusto ko talaga noong marinig ko Siya habang nakatayo Siya't iniabot ang Kanyang mga bisig nung araw na 'yun, at nagsabi, “Magsilapit kayo sa Akin, kayong lahat na mga nanghihina't nabibigatang lubha.” Ngayon, 'yun po'y nagdaan. Pero, “Mabuting gawa, mabuti at tapat Kong lingkod,” ito po'y sa hinaharap. At, ako, sabik na sabik na po akong marinig na sabihin 'yan.

<sup>37</sup> At, ngayon, heto nga, sa Linggo ng hapon, mananalangin po tayo para sa mga maysakit. Minsan ang tawag ng mga tao riyan ay mga gawain ng pagpapagaling. Ngayon, di po 'yan gawain ng pagpapagaling kung tutuusin. Yan po'y pananalangin para sa mga maysakit. Kita n'yo? Nananalangin tayo para sa mga maysakit. At, kadalasan, diyan po nangyayari ang mga bagay-bagay, kapag nananalangin tayo para sa mga maysakit.

<sup>38</sup> Gusto kong ang bawat ministro, sa buong bansa, sa kung saan mang dako, na nananampalataya, na sila po'y maparito, siguraduhin na makakapunta ng Linggo ng hapon, kayo po'y tumayo kasama namin habang mananalangin tayo para sa mga maysakit. Kahit ano pa ang denominasyon n'yo, o kung ano man ito, di po natin 'yan alintana. Tiyak ko, na may damdamin kayo para sa inyong mga tao, at para sa mga tao na mga tao ng Diyos, at mga tao na nagnanais na gumaling.

<sup>39</sup> Alalahanin n'yo, kapag kayo'y may sakit, ang una n'yong tungkulin ay magpatingin sa doktor at tingnan kung ano ang sasabihin niya. At pagkatapos kapag sinuri niya na ang kaso ay bagay na—na di niya kaya; ng siyensiya, na walang inilalahad ang siyensiya sa kanya para makapag-abot ng tulong sa inyo, hayan nga't karapatan mo na ngayong lumapit sa Diyos. Siya ang dakilang Manggagamot. At pagkatapos . . .

<sup>40</sup> At manalangin, at humiling lang na kayo'y maipanalangin. Gawin nila ito, nararapat nila itong gawin, sa bawat iglesyang Cristiano. Marahil, ginagawa nila ito rito. Di ko lang po alam. Pero karamihan sa mga lugar, nananalangin ang mga Cristiano

para sa kasamahan nilang may sakit. Ang mga Presbyterian at marami pa sa kanila ay nagdaraos sila ng dakila't malakihang mga gawain ng pananalangin sa buong dako ng norte, at iba't ibang dako pa ng bansa, nananalangin para sa mga maysakit, at nagtatamasa sila ng dakilang katagumpayan; Presbyterian, Lutheran, Methodist, marami pa sa kanila.

41 Ito pong dakilang rebaybal nila'y nagsimula sa malakihang mga gawain ng pagpapagaling. At mangyari lang na napalayo sila roon, hayan nga. Umusbong ang bagong grupo, sila, grupo ng kalalakihan na nagsama-sama at hinapak Ito sa paraan na gusto nila, at kaya naman sa puntong 'yan ay napalayo na tuloy mula Rito, kita n'yo, bumaling na mismo pabalik sa kredo, gaya ng mga Fariseo at mga Saduceo noong panahon ng Panginoong Jesus.

42 Pero ngayon, ang bawat ministro po ay imbitado, Linggo ng hapon, na sila po'y magpunta at makasama nila ako, at—at tulungan ako habang kami'y mananalangin para sa mga may sakit. Dalhin n'yo lang ang mga may sakit sa inyo at ang mga nagdadalamhati.

43 Ngayon, sinisikap natin ngayon na ang mga tao...na sila po'y sumumpong ng mga makasalanan na di pa nakakakilala sa ating Panginoon, na walang kamalayan na Siya'y di patay. Na Siya ay nabubuhay. Siya, Siya ay di patay. Siya ay nabubuhay, magpakailanman. At sabi Niya, "Sapagkat Ako'y nabubuhay, mabubuhay rin kayo." Grabeng pangako, at grabeng kaaliwan, yamang nakikita na mismo natin na ang panahon ay malapit na talaga!

44 Lahat ng tunay na mga Cristiano ay naniniwala na malapit na talaga ang ikalawang Pagparito ni Cristo. Kung gaano pang katagal, di natin alam. Nakita n'yo ba doon sa Alaska na nagkaroon sila dun ng ilang mga lindol ngayon? Yung isa dun, kasing lakas nung nauna, di lang naging ganoong kalala 'yung naging pinsala. Alam n'yo, sinabi ni Jesus na ang mga bagay na ganyan ay mangyayari bago ang Kanyang Pagparito.

45 At, alalahanin n'yo, itong mga bagay na ito na nakikita n'yo na nangyayari, inihula na ng Salita na darating ito, gaya ng kung papaanong inihula na Niya ang lindol. Kaya, bilang paglalakip-lakip, bakit di natin ilagay ang mga puso natin na maglakip-lakip, at pag-isahin ito sa Salita ng Diyos, at tayo nga'y manampalataya nang buo nating mga puso? Buweno.

46 Ngayon, kagabi, tayo po'y...Kumuha ako ng isang teksto patungkol kay Abraham, noong banggitin niya ang pangalan ng Panginoon na nagpakita sa kanya doon sa dakong 'yun sa paghahain ng kanyang anak na lalaki, sa dako kung saan niya gagawin 'yun. Ang pangalan na binanggit ay *Jehovah-Jireh*, na ang ibig sabihin ay, "ang Panginoon ay magkakaloob para sa Kanyang Sarili ng isang hain."

47 Ngayon, sa gabing ito, may ilan akong mga Kasulatan at mga tala, o dalawa, na naisulat dito, na nais kong iwan—iwan sa inyo. Ngayon, bago natin gawin 'yun, manalangin lamang po tayo pansumandali, uli.

48 Ama, dalangin namin na Iyong kukunin ang Iyo mismong Salita. . . “Ang Iyong Salita ay Katotohanan.” At sinabi ng Biblia, binanggit ni Jesus, ang sabi, “Ang Salita ay isang Binhi na inihasuk ng isang tagahasik.” Ngayon napagtatanto namin na kung ang binhi ay mabuting binhi, ito’y uusbong. At kung maibubunsod ng binhing ito na gampanan, ang pagkaka-plano sa kanya sa—sa kalooban ng Diyos, ito nga’y magpapabunsod sa binhing 'yun na umusbong. At nung si Jesus ay narito noon sa lupa, Siya ang Puno ng Ubas na 'yun. At ang binhi na Kanyang inihasuk ay ang Kanyang Salita, at nalalaman namin na ito’y pinausbong sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Buhay.

49 At nalalaman namin na ang binhi, kapag ito’y nahulog sa tamang uri ng lupa; hindi sa mga batuhan, na di nagkakaugat; ni sa mga tinik man at mga dawag, na kalaunan ay iinis dito; kundi sa mabuti’t, masustansya’t, matabang pananampalataya. Ang bawat binhi nga’y mamumunga ayon sa uri nito.

50 At nalalaman po namin na ang bawat binhi, o pangako ng Diyos, ay mamumunga ayon sa uri nito, kung ano mismo ang ipinangako nito, kung ito’y tatama mismo roon sa li- . . . tamang lupa, sa lupa na inihanda, nakahanda; lahat ng—ng mga bato ay inalis na, at ang mga ugat, at mga kapaitan, at pagiging makasarili, at kalamigan ng loob, at pagka inggit, at binunot nang lahat paalis; ang ugat na 'yun ng kapaitan na tumutubo, na kung minsan ay sadyang naninira sa bagay na sinisikap ng Diyos na gawin. Dalangin namin, Diyos, na di 'yan mangyayari sa kalagitnaan namin, bagkus ang mabuti pong Salita ay maka sumpung ng mabuting lupa sa mga ito.

51 Sa amin pong pagsubaybay sa dakilang patriyarkang ito, na si Abraham, sa pag-aaral na ito sa gabing ito, masumpungan namin nawa ang aming posisyon, na may pagkabatid na kami’y mga anak ni Abraham, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. At, kaya naman, magtamo Ka ng kaluwalhatian sa Iyong Sariling Pangalan at karangalan, sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

52 Tayo siguro’y magbalik-tanaw muna nang kaunti sa gabing ito, patungkol dun sa aralin na pinag-usapan natin kagabi. Yun nga, 'yung, unang nasumpungan natin si Abraham, sa Genesis sa ika-12 kabanata. Kung tutuusin, nabanggit na ang pangalan niya sa ika-11 kabanata pa lang, nung ang tatay niya ay umalis mula Babilonia at nanirahan sila sa—sa Ur at ito’y. . . sa lupain ng mga Caldeo.

53 At mangyaring nasumpungan din natin, hayan nga, na ang Diyos ay tinawag si Abraham, isang ordinaryong tao lang na



ang pangalan ay Abram. Hindi pa siya Abraham noon. At, at si Sarah naman ay, “Sarai,” hindi pa noon Sarah si Sarah. Kaya nasumpungan natin, na ang *Sarai* at *Sarah* ay dalawang mag-...dalawang magkaibang pangalan. At ang *Abram* at *Abraham* ay dalawang magkaibang pangalan din.

<sup>54</sup> Ngayon nalaman natin, na dito, tinugaygay nga natin siya kagabi, hanggang dun sa pagpapatibay, na pinagtibay ng Diyos sa kanya ang tipan, kung papaanong pagtitibayin Niya mismo kay Abraham na tutuparin Niya ang Kanyang pangako. Yan ay makikita sa ika-15 kabanata ng Genesis. Mangyaring... At si Abraham ay tinawag isang gabi, para pumatay, kumatay ng isang guyang baka o isang dumalagang baka, at isang babaing kambing, at isang lalaking tupa. Mangyaring natalakay natin 'yan kagabi, 'yung ibig sabihin nung dalawang babae at 'yung lalaki. At 'yung dalawang kalapati, o 'yung ibong bato-bato at kalapati, na kabilang sa iisang pamilya; at nakuha natin kung ano ang kinakatawan nun, na 'yun pala'y kumakatawan lagi sa kagalingan. Na anupa't, di nagbabago. Ang kagalingan ay sa pamamagitan lagi ng pananampalataya. Pero ang pagtutubos, ay hayan nga't, nahahati mula sa buhay ng hayop hanggang sa buhay ng tao.

<sup>55</sup> Ngayon, sa Lumang Tipan, mangyaring ang mananamba ay dumadako roon na may dalang dugo. Kinakatagpo lamang kasi ng Diyos ang tao sa ilalim ng nabubong Dugo, ang nag-iisang dako na kailanma'y kumakatagpo Siya o kakatagpo Siya. Di ka Niya kakatagpuin sa pamamagitan ng iyong kredo. Di ka Niya kakatagpuin sa pamamagitan ng edukasyon mo. Kakatagpuin ka Niya sa ilalim ng Dugo; 'yun ang nag-iisang dako. Ang buo ngang Israel ay sumasamba sa ilalim ng dugo.

<sup>56</sup> At nalaman din natin dun, hayan din, na nakita natin (ang ano?) na dun sa kasaysayan ay itong, kung paano isinasagawa ang tipan ng mga tao, at nakita natin na dun sa Silanganan at iba-iba nga ang pagsasagawa ng tipan. At maski 'yung paraan ng pagsasagawa natin sa panahon ngayon, na may pakikipag-kamay, at iba pa, at may pagsasabi ng, “Selyuhan na!” At sa mga taga-bansang Hapon ay nag-iitsa sila ng asin sa isa't isa, na 'yun ang pamamaraan ng tipan nila.

<sup>57</sup> At—at sa pag-iikot sa buong mundo, at makikita n'yo nga na ang mundo ay ganoon pa rin ang pamamaraan katulad nung sinauna, lalong-lalo na sa mga taga-Silangan at sa Silangan. Yung Biblia n'yo nga ay magmimistulang bagong aklat kung pupunta ka roon sa Silangan, di n'yo...doon sa Jerusalem, sa Palestina, doon sa dakong 'yun. Inyong...Ang Biblia, Ito nga'y nakasulat sa...Tayo kasi'y mga taong Ingles sa dako rito, at mga taong taga-Kanluran, na sinisikap unawain ang aklat na Ingles, kaya napaka hirap. Kung pupunta nga kayo roon, haya't masusumpungan n'yo 'yung pagkakasal at lahat, at sadyang katulad na katulad sa pamamaraan ng mga tao nung panahon

ni Cristo. Maraming mga bagay ang di nagbago roon, sa paraan ng kanilang mga kaugalian at mga pamamaraan.

<sup>58</sup> At ngayon tayo, dito, nalaman natin na kapag gumagawa sila ng tipan sa panahon na 'yun noon, kanila—kanila 'yung iginuguhit sa kpiraso ng balat ng tupa, o—o sa balat mismo ng hayop. At pagkatapos papatayin nila ang hayop, at tatayo sila sa pagitan nung pinaghating piraso. At hahatiin nga, 'yung tipan nila, o sa dalawang bahagi, itong pinagkasunduan nila; hahapakin nila 'yun sa dalawa, nang *paganoon*. [Pinupunit ni Kapatid na Branham ang isang pirasong papel sa dalawa—Pat.] At kapag pagtatapatin nila 'yun, itong *mga piraso* ay kailangan ngang maglakip nang saktong-sakto. Kinakailangan na lapat na lapat, 'yung isang piraso sa isa pang piraso, kaya di nga 'yun puwedeng dayain na kopyahin. Kaya nalaman natin ngayon, na, sa aralin nating 'yun kagabi, nalaman natin 'yung ginawa ng Diyos para pagtibayin kay Abraham ang Kanyang tipan.

<sup>59</sup> Ngayon, si Abraham, ang pangako nga'y ginawa para kay Abraham at sa kanyang Binhi na kasunod niya. Hindi lang kay Abraham, kundi maging sa kanyang Binhi. Ngayon, ngayon, ang binhi, ang binhi ni Abraham sa natural, ay si Isaac; pero ang Binhi sa espirituwal ng pananampalataya ni Abraham, ay si Cristo. Hindi nga sa pamamagitan ni Isaac, na ang buong mundo'y napagpala; kundi sa pamamagitan ni Cristo, ang Maharlikang Binhi, na ang buong mundo ay pinagpala, dahil Siya ay namatay para sa lahat ng mga tao, lahat ng mga bansa at lahat ng mga lahi ng tao.

<sup>60</sup> Ngayon nakita natin dito, rin, sa tipan na ito, na ipinakita Niya rito ang bagay na Kanyang gagawin, kung papaanong ang Diyos ay hahapakin si Cristo Jesus. At kung papaanong ang katawan ay itataas at mauupo roon sa kanan ng Diyos at sa Kamahalan sa Kaitaasan, at ang Espiritu ni Cristo ay dadalhin pababa sa lupa.

<sup>61</sup> Ngayon kung may oras lang po tayo, mapapatunayan n'yo 'yan. Alinman, na isang bahagi na sinasabi ng Kasulatan, Ito nga'y matutugaygay n'yo sa buong Biblia. Kung Ito'y hindi nga tutugaygay, may kung—may kung anong mali. Ang Luma nga'y sadyang anino nitong Bago, pauna nang ipinapakita Ito. Kaya, kung nasa inyo riyang ang anino, tunay ngang matutukoy n'yo nang husto kung ano 'yung Bago. Kaya hayang nga Siya noon, ngayon at sa hinaharap.

<sup>62</sup> Ngayon itong Espiritu mismo ni Cristo na bumalik pababa sa Iglesya, ay saktong isinasakatuparan ang Juan 15 uli, kung saan sinabi Niya roon, “Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga.” At tapos dito rin, Juan 14:12, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya,” siya ring mga gawa, siya ring bagay. Haya't sa pagtugaygay pa sa Kasulatan! “Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo; hingin ninyo ang anumang nais n'yo,

ito’y ipagkakaloob sa inyo.” Maraming mga bagay na si Cristo nga’y . . .

<sup>63</sup> “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan. Ang *sanlibutan*,” ginamit nga riyang salitang Griyego na *kosmos*, na ang ibig sabihin nun ay *kalakaran ng sanlibutan*, “hindi na Ako makikita pa. Gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako,” panghalip na panao na *Ako*, “Ako’y kasama ninyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan,” na binibigyang-diin na si Jesus Cristo ay sadya ngang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya—Siya—Siya nga’y nananatili. Nabuhay Siya mula sa patay. “Ang sanlibutan, ang di-mananampalataya, haya’t di na Ako makikita pa.” Hindi nila Ito mapagkikilala. Pero mapagkikilala nga Siya ng mananampalataya, dahil Siya’y ang siya ring Jesus kung papaanong Siya mismo sa lahat ng pagkakataon. Hindi nga Siya nagbabago kailanman. “Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!”

<sup>64</sup> At ngayon, at ’yang Salita, napakarami ngang tao na pilit iginigiit Ito na Ito raw ay di naman kinasihang talaga. Ngayon, may gusto akong sabihin dito ngayon, bigla na lang pumasok sa isip ko.

<sup>65</sup> At mangyaring di ako naniniwala na ang pulpito’y ginawa para maging lugar ng mga biro. Di ito lugar ng katatawanan. Ito po’y sa katapatan mismo. At habang nakikita na natin ang Araw ng pagpapakita ng Panginoon, dapat tayong mas lalo pang maging tapat.

<sup>66</sup> Pero heto nga ang isang—isang kuwento na naukuwento sa akin noon, di pa katagalan, patungkol sa isang—isang binata na . . . Ito po’y sa Boston, at nagtungo siya roon. Ang binata po’y may mainam na nanay, sige’t, simulan natin ang kuwento rito, at ang nanay nga’y may katiyakan na ang anak niyang lalaki na ito ay may pagtawag sa kanyang buhay, na maglingkod sa Panginoon. At sadya ngang—sadya ngang kapanatagan ’yun sa kahit sino pa mang nanay, siyanga, sa sinupamang tunay na nanay, na malaman nila na ang kanilang anak na lalaki . . . na pinarangalan sila ng Diyos na haya’t binigyan sila ng isang anak na kalaunan ay mangangaral ng Ebanghelyo. Yun nga’y mahalagang yaman sa buhay ng sinumang ina. At kaya heto nga ang mahirap man na nanay, talagang nagsusumikap sa abot ng lahat ng makakaya niya, para maipadala niya ang kanyang anak sa eskuwelahan, at sa isang seminaryo, para makakuha ang anak ng kanyang—kanyang BA.

<sup>67</sup> At mangyari nga nung ang anak ay nasa dakong ’yun, ang nanay ay nagkaroon ng malubhang sakit. At kaya ang nanay, gaya ng gagawin ng sinupamang Cristiano, nagpatawag sila ng doktor. At ang doktor . . . Ang nanay ay dinapuan ng pulmonya sa parehong baga. At sinikap ng doktor na gawin ang lahat ng magagawa niya para dun sa nanay, para—para malunasan

sana ang pulmonya, at wala pa ring nangyari. Binigyan na niya ang nanay ng kung anu-anong gamot na may—may sulphur pa nga, penicillin, at kung anu-ano pa, para—para patayin sana ang mikrobyo, at wala namang naging epekto. Lumubha pa nga ang lagay ng nanay, palubha nang palubha. Kaya nagpadala sila ng mensahe sa kanyang anak, na naroon sa Asbury, Kentucky, sa Wilmore College, na siya’y umuwi at bisi-. . . puntahan ang nanay dahil siya’y malapit nang mamatay. At pagkatapos nung sumunod na umaga, nung ang binata ay naghahanda na noon na umuwi, haya’t nakatanggap uli sila ng telegrama, “Maigi na ang iyong nanay. Maghintay sa susunod na tawag.”

<sup>68</sup> Matapos ang isang taon halos, nagkaroon ang nanay ng pagkakataon na makita uli ang kanyang anak. Umuwi ang binata mula sa bakasyon at walang pasok noon sa eskuwela. At sabi nung binata, “Nanay, nabalitaan ko na umigi na talaga ang lagay mo,” matapos na magkaroon ng oras na magkasama sila uli, gaya ng ginagawa ng anak at nanay. Sabi, “Di ko—di ko na po nabalitaan kung anong gamot ang ipinalit ng doktor, na naging sanhi na ang iyong—iyong kondisyon ay umigi nang ganoong kabilis.”

<sup>69</sup> At sabi niya, “Anak, hindi—hindi ’yung gamot.” Sabi niya, “Naalala mo ba ’yung maliit na pagmimisyon doon sa pababa lang nung kalsada ryan, dun sa mga tao sa dakong ’yun. . .”

Sabi, “Opo, naalala ko po.”

<sup>70</sup> Sabi, “May isang babae dun na ang sabi’y may pangunguna raw sa kanya na pumarito at tinanong ako kung ang pastor ba niya’y puwede raw makapunta rito’t ako’y ipapanalangin lang. At kaya ang sabi ko sa babae sige’t ayos lang.” Tapos sabi, “Ang pastor nga’y nagtungo rito at binasa ’yun mula sa Biblia, ‘Kung ang sinuman sa inyo, ay may sakit, ipatawag ninyo ang matatanda, at pahiran ang mga maysakit ng langis; sila’y ipanalangin. Ang panalangin na may pananampalataya ay nagliligtas sa mga maysakit.’” Tapos sabi, “Alam mo, binasa ’yun ng pastor mula sa Kasulatan, at ipinanalangin niya ako at pinahiran ako ng langis. At—at nung sumunod na umaga, ang ganda-ganda na ng kalagayan ko pinayagan na ako ng doktor na puwede na akong makaupo-upo. Sa loob lang ng dalawang araw umigi na ako.” Buweno, sabi niya. . . Sabi, “Oh, purihin ang Panginoon!” Sabi nung nanay, “Anak, dapat mong. . .”

<sup>71</sup> Sabi niya, “Nanay, unti-unti ka nang umaakto gaya nung mga taong ’yun dun.” Sabi, “Pakinggan mo po, nanay.” Sabi, “Napag-aralan namin sa eskuwelahan na ’yang bahagi na ’yan na binasa nung pastor, ’yang ikalawang Kasulatan na binasa niya ay nasa Marcos 16, kung saan, ‘Ang mga tanda na ito ay lalakip sa mga mananampalataya. Magpapatong sila ng mga kamay sa mga maysakit at sila’y gagaling.’” Sabi, “Napag-aralan namin sa eskuwelahan na ang Marcos 16, mula sa ika-9 na talata pababa, ay hindi kinasihan.” Sabi, “Nakita mo po,

ang mga tao na 'yun dun ay di sila pumapasok sa eskuwelahan, halos lahat sila roon. Hindi sila nakapag-aral, masasabi na rin na sila'y salat sa pinag-aralan." Sabi, "Mabuti ang kanilang—kanilang hangarin, di maikakatwa." Pero sabi, "Napag-aralan namin sa eskuwelahan na, mula sa ika-9 na talata pababa, 'yun ay idinagdag lang, marahil ng Vatican o parang ganoon, pero," sabi, "kaya naman ang bahagi na 'yan ay di kinasihan."

<sup>72</sup> Yung munting nanay nga'y napasabi na lang ng malakas na, "Hallelujah!" At kaya ang sabi niya . . .

Sabi nung binata, "Nanay! Buweno, anong dahilan at bigla ka na lang napasabi n'yan?"

<sup>73</sup> Sabi, "Binubulay-bulay ko lang, anak, kung ang Diyos ay may kakayahan na pagalingin ako gamit ang Salita na hindi kinasihan, ano pa kaya ang magagawa Niya gamit Ito na tunay ngang kinasihan?"

<sup>74</sup> Kaya—kaya ganoon din ito sa iba pang mga pangako. "Humingi kayo ng anumang Pangalan Ko, gagawin Ko ito." "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at di mag-aalinlangan sa iyong puso, bagkus maniniwala na mangyayari ang iyong sinabi, mangyayari sa iyo ang iyong sinabi." "Kung kayo ay mananalangin, sampalatayanan ninyo na tinanggap na ninyo ang inyong hinihingi, at iyon ay ipagkakaloob sa inyo." Kita n'yo, Ito nga'y buong-buong kinasihan hanggang pinaka maliit na bahagi nito.

<sup>75</sup> Noong si Morris Reidhead, isang napaka galing na iskolar, nung mabisita siya noon sa aking bahay. Tumanggap siya ng bautismo ng Espiritu Santo; lumuhod mismo sa may maliit na lamesita sa bahay. Ang sabi niya sa akin, sabi, "Kapatid na Branham, sa pagkaka-alam ko ay isa—isa . . . Isa kang Baptist."

<sup>76</sup> At sabi ko, "Buweno, doon lang ako naordenahan, sa may simbahan ng Missionary Baptist, nung bata-bata pa ako; hindi talaga ako kasapi sa . . ."

<sup>77</sup> Sabi, "Buweno, ano itong mga Pentecostal na kasa-kasama mo lagi?"

Sabi ko, "Sila'y mga tao na tulad mo't ako rin."

<sup>78</sup> Sabi niya, "Buweno, pakinggan mo," sabi, "sa palagay mo ba 'yung Espiritu Santo 'yung taglay nilang 'yun dun?"

Sabi ko, "Nakakatiyak ako."

Sabi niya, "Pero bakit may mga pasipa-sipa at papadyak-padyak at pasigaw-sigaw pa?"

<sup>79</sup> Sabi ko, "Buweno, kinakailangan nilang ibuga palabas ang usok gaya ng pagsipol ng tren. Pero kung di nila 'yun ilalagay na 'yun ay magagamit, na magbubunsod sa mga gulong na gumulong." Sabi ko, "Kinakailangan mo kasi silang mailagay—mailagay sa kalagayan na matututunan nila kung ano ba 'yun talaga sa kabuoan, sa halip na panay ingay lang na kagaya nun.

Talagang ibunsod 'yun na kumilos, ang pananampalataya, na mailahad dun sa labas, pagsumikapan na maakay ang mga tao papasok, papasok sa Kaharian ng Diyos."

<sup>80</sup> Tapos sabi niya, "Buweno, nakita ko na sila na ginagawa nilang lahat ang mga bagay na 'yan." Sabi, "sasabihin ko sa'yo kung bakit ako naparito." Sabi, "May isang mainam na binata na mula sa India," sabi, "siya'y nakapagtapos ng pag-aaral at nakapag-eskuwela." Sabi, "Ako, nung pumaroon na ako para umalis, nung ihatid ko siya sa eroplano, nung pasakayin ko na siya sa eroplano, para bumalik na roon sa kanilang bansa, ang sabi ko sa kanya, sabi ko, 'Tho, ngayon na nakapagtapos ka na ng pag-aaral, babalik ka na sa mga kababayan mo. . .'" Sa palagay ko nakapag-aral siya sa. . . Di ko lang alam kung. . . Sa palagay ko electronics.

<sup>81</sup> Ang sabi nga niya, sabi, nung pumaroon na siya, sabi niya, "Bakit di mo tang-. . . talikuran ang patay mo nang propeta, na si Mohammed, at tanggapin ang isang tunay na nagbangon na mag-uli na Jesus Cristo sa iyong puso?"

At sabi nung binata, "Ginoo, nais kitang tanungin ng isang bagay."

<sup>82</sup> Ngayon alalahanin n'yo, siya nga'y nakapagtapos sa isa sa pinaka maiinam na eskuwelahan ng Biblia, eskuwelahan ng una't mga simulaing aral, ito ngang lalaking ito ay isa sa mga tagapagturo nila roon.

<sup>83</sup> Sabi raw nung binata, "Ano bang magagawa ng Jesus mo na di ba't nagagawa rin naman ng propeta ko?"

<sup>84</sup> Sabi niya, "Buweno," ang sabi niya, "ang Jesus ko ay may kakayahan na pagkalooban ka ng Buhay na Walang Hanggan."

<sup>85</sup> Sabi ng binata, "Ang aking, haya't ipinapangako rin naman ng Koran ang siya ring bagay na 'yan." Koran ang tawag sa Biblia ng Mohammedan, alam n'yo. Sabi, "Ganoon din naman ang ipinapangako."

Sabi niya, "Buweno," sabi niya, "ganoon ba, ako. . ."

<sup>86</sup> Sabi, "Alam mo, di nangako ng anumang bagay ang Koran. Di nga nangako si Mohammed ng anumang bagay maliban sa—sa buhay pagkatapos ng kamatayan." Sabi niya, "Pero si Jesus nga'y nangako sa inyo na mga tagapagturo, na, 'Ang mga tanda't mga kababalaghan na ito'y lalaki.'" Sabi, "Yan mismo ang sinabi ni Jesus." Tapos sabi nung binata, "Naghihintay nga kami na papangyarihin ang bagay na 'yan, makita kayo na mga tagapagturo na ibunga ang bagay na 'yan." Isipin n'yo 'yun!

<sup>87</sup> Ang sabi niya sa akin, "Doon mismo," sabi niya, "nalaman ko na di lang basta-basta itong binata na nakatagpo ko roon. At alam ko. . . Hayan nga ang isang tao na alam na alam niya kung ano ang sinasabi niya." Medyo hindi lang niya lantaran na inamin. Pero mainam na rin 'yun, na 'yung kaaway ay basta ka

na lang gugulatin nang paganoon at pagkatapos tila di mo alam ang isasagot mo. Kita n'yo? Kaya sabi nung lalaki, "Napagtanto ko na di pala basta-basta 'yung binata na 'yun."

<sup>88</sup> Tapos sabi niya—sabi niya, "Buweno, ngayon tingnan mo nga. Si Jesus ay nagbangon mula sa patay."

<sup>89</sup> Sabi nung binata, "Siya nga ba?" Sabi, "May dalawang libong taon kayo na patunayan sana 'yan, at heto naman na hanggang ngayon ay wala pang dalawang-katlong bahagi ng mundo ang nakaririnig patungkol sa Kanya. Ngayon ano bang kulang sa inyo?" Sabi ng binata, "Hayaan n'yong si Mohammed ang magbangon mula sa patay, at buong mundo mismo ang makakaalam sa loob lang ng dalawampu't apat na oras." At tunay nga naman.

<sup>90</sup> Kita n'yo, may kabayo nga sila roon sa tabi ng libingan niya. Nakita ko 'yun dun. Nagpapalit sila ng bantay kada apat na oras, umaasa na babangon siya, ano't anumang. Kung ititipo pa nga'y, sasakay pa nga raw sa puting kabayo, kita n'yo, na sasakupin mismo ang mundo.

<sup>91</sup> At mangyaring ang sabi nung binatilyo, "Hayaan—hayaan n'yong siya ang magbangon mula sa patay, at malalaman tiyak ng buong mundo ang tungkol dito."

<sup>92</sup> Sabi niya, "Buweno, si Jesus ay tunay namang nagbangon mula sa patay." Sabi niya, "Ang propeta n'yo ay naroon pa rin naman sa libingan."

Sabi nung binata, "Papaano mo naman nalaman na Siya'y nagbangon mula sa patay?"

Sabi ng tagapagturo, "Siya'y nasa puso ko."

Sabi niya, "Aba't si Mohammed ay nasa puso ko rin naman, siyanga rin, ginoo."

Sabi niya, "Pero ako'y may kagalakan at kapayapaan."

<sup>93</sup> Sabi ng binata, "Ginoo, magagawa't magagawa rin naman ng Mohammedismo na magbunsod ng ganyan ding karaming pagka-sikolohiya na magagawa ng Cristianismo." At sadya nga namang nagagawa nila. Siguro'y pakinggan n'yo kung paano sila maghiyawan at magsigawan. Siyanga. "Kayang-kayang magbunsod ng ganoon ding karaming pagka-sikolohiya na magagawa ng Cristianismo." Sabi nung binata, "Buweno, ano bang ibig mong sabihin dito sa sinabi mo na nangako si Jesus ng lahat ng mga bagay na ito sa inyo?" Sabi, "Sa palagay ko ay 'yung Marcos 16 ang tinutukoy mo?"

Sabi niya, "Oo, isa 'yan. Hindi lang 'yan, pero isa 'yan."

<sup>94</sup> "Nagwika si Jesus, na ang huling mga Salita na sinabi Niya sa Kanyang Iglesia, 'Humayo kayo sa buong sanlibutan, kita n'yo, at ipangaral n'yo ang Ebanghelyo, at ang mga tandang ito ay lalalaki sa kanila na mga mananampalataya.' Gaanong layo ang aabutin? 'Buong sanlibutan; bawat nilalang. Kung

silay magpapatong ng mga kamay nila sa mga maysakit, silay magsisigaling.' Yan ang huling mga Salita na sinabi Niya, ayon sa inyo mismong Kasulatan."

<sup>95</sup> Sabi niya, "Buweno, kita mo," sabi, "kung tutuusin..." Sabi, "Kita mo, di naman kinasihan ang bahaging 'yan." Sabi, "Hindi ganyan ang talagang ibig Niyang sabihin diyan. Hindi talaga 'yan..."

<sup>96</sup> Sabi ng binata, "Di Ito kinasihan?" Sabi, "Anong klaseng Aklat pala 'yan na binabasa n'yo?" Sabi, "Haya't ang buong Koran ay kinasihan mismo." Hum! Yun nga'y pagpapadapa sa kahinaan ng teolohiya, isang gawang-taong teolohiya na wala man lang itong—itong Espiritu para makatindig at harapin ang naturang bagay na 'yun.

<sup>97</sup> Kagaya na lang ng sinabi ng mga binatang Hebreo, "Ang Diyos namin ay may kakayahan na iligtas kami mula sa hurno na ito na nagniningas, kaya naman hinding-hindi kami yuyuko sa larawang ito." Kailangan natin ng mga taong may tapang. Tao na naniniwala sa tuwina na ang Diyos ay nagtataglay ng katapangan at naniniwala sa sobrenatural. Tao na naniniwala mismo sa Diyos!

<sup>98</sup> Sabi ni G. Reidhead, "Napasipa ako sa lupa, Kapatid na Branham, napasipa ako mismo sa alabok nang *paganoon*, at di ko masagot ang binatang 'yun." Sabi niya, "Nilayon ko talaga sa puso ko na makipagkita sa iyo pagkatapos nun, at tanungin ka tungkol sa bagay na 'yun." Tapos sabi, "Heto nga ako." Sabi niya, "Kung ang Espiritu Santo..."

<sup>99</sup> Sabi, "Kapatid na Branham, pinadala ako mismo ng nanay ko sa eskuwelahan." At sabi, "Ako, matapos kong matanggap ang BA ko, inaakala ko na doon ko na..."

Sabi ko, "Alam ko ang ibig mong sabihin."

<sup>100</sup> Sabi, "Hayan nga't nung araw na tanggapin ko ang BA ko, inakala ko na na doon ko masusumpungan si Cristo. Wala nga Siya roon nung tanggapin ko ang Digri ko sa pagka-Doktor." Sabi, "Napakarami kong natanggap na mga digri, mga digri't parangal, na kung isasabit lahat ay matatakpan ang buo mong dingding, at saan naroon si Cristo sa lahat ng ito?"

<sup>101</sup> Sabi ko, "Sino ako para sabihin ko na ang mga tagapagtuong ay mali? Pero di nga 'yan ang pinag-uusapan natin dito. Ang mismong Persona mismo, si Cristo, na kinakailangan mong makilala."

<sup>102</sup> Ngayon ang lalaking ito ay nagdadaos na ng malalaki't pangkalahatang mga gawain sa iba't ibang lugar. At si Doktor Lee Vayle po riyang, na mabuti kong kaibigan, ay kaibigan din niya, siyanga rin. At siya nga'y nagtatamo ng mainam na mga pananagumpay, nananalangin para sa mga maysakit at sadya



ngang nagdadaos ng malalaki't pangkalahatang mga gawain at lahat na. Dahil nga ang lalaking ito'y sumampalataya.

<sup>103</sup> Ngayon, kita n'yo, ang Espiritu na naroon kay Cristo, ang katawan, si Jesus na mismong Diyos, Emmanuel. Ang Espiritu Santo, ang Diyos, bumaba roon kay Cristo, at Siya'y pinaging "Diyos na sumasa atin." At mangyaring Siya'y. . . Upang tayo'y tubusin; nabubo ang Kanyang Dugo.

<sup>104</sup> Ngayon, sa Lumang Tipan, kapag lalapit ang mananamba at ipapatong niya ang kanyang mga kamay sa ibabaw ng kanya mismong hain, at gigilitan niya sa leeg ang. . . gagawin nga ng saserdote, o ihahandog na. Hahawakan nung mananamba ang hain sa kanyang mga kamay, at mararamdaman niya mismo ang—ang paghapak sa laman, at pagkamatay nung munting kordero; 'yung munti nitong balahibo ay mapupuno ng sarili nitong dugo, aagos mismo sa mga kamay ng mananampalataya, at ganoon, aagos hanggang dun sa bandeha, para sunugin doon sa may dambana. Mapagtatanto ng mananampalataya na siya dapat ang naroon sa puwesto na 'yun na mamamatay para sa kasalanan na 'yun, pero ang kordero nga ang mamamatay para sa puwesto niya. Ngayon, pero ang buhay na 'yun na naroon sa dugo, ay di nga makababalik sa mananamba, dahil dugo 'yun ng hayop, na walang kaluluwa. Pero sa. . . Kaya naman laging may pag-aalala ng kasalanan, nang tuluy-tuloy.

<sup>105</sup> Pero, ngayon, si Jesus bilang Emmanuel, mangyaring ang Buhay ng Diyos ay naroon sa Kanya, at 'yun ay babalik; na di lang Buhay ng isang tao, bagkus ng Diyos Mismo, sa anyo ng Espiritu Santo, babalik at ibubunsod kayo na maging mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Kaya naman kayo'y magiging mga anak na lalaki't mga anak na babae na. At kaya naman sa pagdama mo roon sa paghapak, at hirap at parusa na pinagdaanan mismo ni Jesus, na kinutya pa't, ang Kanyang pagmi-ministeryo'y tinawag pang gawa ng diyablo, "Beelzebub," at ginawang katatawanan, at nilibak, nung mga pinuno pa naman din ng relihiyon, at tinanggihan. "Siya'y naparito sa Sarili Niyang bayan; Siya'y di tinanggap ng Sarili Niyang bayan." At ganoon na lamang ang pinagdaanan Niya! At hayan din na inihain mismo ang Kanyang buhay sa krus, para tubusin sila na mga nakilala na noong una pa ng Diyos. Pagtutubos; dadalhin pabalik sa dako kung saan ito—ito nahulog. Mangyaring, ginawa 'yan ng Diyos upang ibalik ang Espiritu Santo sa Iglesia ngayon, na Ito'y. . . ang mga tao, mga mananampalataya. Para lamang Ito sa mga mananampalataya.

<sup>106</sup> Hindi Ito para sa mga di-mananampalataya. Hinding-hindi nila ito makikita. Sila'y mga patay na, sa una pa lang.

<sup>107</sup> Tingnan n'yo nga 'yung mga Fariseo na 'yun noong makita nila si Jesus na nagpapangyari ng mismong tanda na tanda ng pagka-Mesiyas.

108 Tingnan n'yo si Pedro, mismong sinampalatayanan 'yun. At si Natanael na mismong sinampalatayanan 'yun. Yung babae sa balon ay sinampalatayanan 'yun; si bulag na Bartimeo. Lahat ng tumanggap dun, sinampalatayanan ito.

109 Pero 'yung mga namumuno'y tumayo dun at nagsabi, "Ito'y Beelzebub, isang masamang espiritu, kung anong panlilinlang o pakana lang."

110 Ang sabi ni Jesus, "Sabihin n'yo 'yan laban sa Akin, patatawarin Ko kayo," hindi pa noon naihahain ang handog, "subalit sa pagparito ng Espiritu Santo na gagawin ang siya ring bagay, isang salita lang laban Dito ay di patatawarin sa sanlibutan mang ito o sa sanlibutan na parating."

111 Bakit di nila 'yung masampa-sampalatayanan? Sinabi ni Jesus, "Kayo'y sa ama n'yong diyablo, at ang mga gawa niya ay inyong ginagawa." Ganoon mismo.

112 Ang sampalatayanan ang Salita, ay ang tanggapin nga ang Salita at ibunsod Ito na maging Buhay. Ngayon, ipinapakita dun ng Diyos kung papaano Niya pinagtitibay ang tipan na ito. Kinakailangan na sa ganito itong paraan. Ang Iglesya! Hindi organisasyon, hindi denominasyon; bagkus indibiduwal mismo at ang Diyos na kinakailangang maging isang Espiritu. Yun ang layunin ng Diyos, sa pasimula.

113 Si Adan at Eba ay siya ring iisang espiritu. Sinabi ng Biblia sa Genesis, sa 1:27, "Sa larawan ng Diyos. . ." Ang Diyos ay isang Espiritu. "Sa larawan ng Diyos ay Kanyang nilikha siya; lalaki at babae Kanyang nilikha sila," sa anyo ng espiritu na nasa Diyos. At si Adan ang siya ngang mangangalaga ng—ng lupain, kung papaanong ang Espiritu Santo ang mangunguna mismo sa Iglesya ngayon. At, heto, na ang tao ay wala pa noon sa laman, at kapwa siya katangiang lalaki at siya'y katangiang babae rin, dahil ito'y siya ring isang espiritu.

114 Pagkatapos nilikha ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at nilikha siya sa anyo ng hayop. Na, kaya naman narito tayo sa ganito na isang hayop, alam natin 'yan. Tayo'y—tayo'y mamalya. At 'yun po 'yung hayop na mainit ang dugo, at tayo nga'y nasa larawan na 'yun ng buhay ng hayop.

115 At pagkatapos ay kumuha ng tadyang ang Diyos mula kay Adan, haya't di isang. . . Ang babae nga'y isang kakambal na produkto lang mula sa lalaki, hindi isang orihinal na nilikha. Siya'y kumuha ng tadyang. Inihiwalay Niya ang pisikal, at kinuha ang espiritu ng katangiang babae mula kay Adan at inilagay 'yun kay Eba. Hayan nga ang lalaki at ang babae.

116 At kapag lalabas sila sa mga kalagayang ganun, mawawala sila sa tama nilang kondisyon. Magkakaroon ng pagkalahis sa kung saan. Kapag ang isang babae'y magnanais na umakto na parang lalaki, o ang isang—o ang isang—o ang isang lalaki ay

magnanais na kumilos na parang katangiang babae, may kung anong mali sa kung saan. Wala sila sa tama nilang kondisyon.

117 Mapapansin nga natin kina Rebekah at—at Isaac, sila’y magkadugo, kita n’yo, pero hayan nga’t tipo ’yan ng Israel sa natural na pagka-binhi. Pero, sa panampalataya, nung si Cristo ay lumitaw roon sa eksena, ito’y hindi na sa natural.

118 Katulad na lang nung tanda, ’yung dugo na naroon noon sa pintuan ng haligi, doon sa Egipto. Kahit na gaano pang sabihin na sila’y tuli, gaano pang karami ang tipan na taglay nila, ang tanda ay kinakailangan talagang maipakita o kung hindi’y ang tipan ay mawawalan ng bisa. Tiyak ’yun. “Kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo.”

119 Ngayon hindi po ’yung Dugo ang mismong tanda; kundi ’yung Buhay na naroon sa Dugo, ang Espiritu Santo. At ’yun ang. . . Di ko alintana gaano man kayong karelihiyoso; maliban na matanggap n’yo ang Espiritu Santo, kayo’y mapapahamak. Yun lang ang tanging paraan. Wala nang iba pang Kasulatan ang magpapangyari mismo nun, ’yun lamang. “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan Niya kayo’y tinatakan hanggang sa araw ng pagtutubos,” Mga Taga-Efeso 4:30.

120 Pansinin ngayon, balikan natin, hayan nga’t ipinapakita riyan na si Adan at Eba ay iisa mismo, sa simula’t sapul. Ang asawang lalaki at asawang babae ay kinakailangan na manatili sana na magkalakip na iisa.

121 Ngayon, pero nung sila’y paghiwalayin, noon, sa magkaiba nang laman, doon nung bumagsak si Eba. Bumagsak! Bakit? Dahil sa di-pagsampalataya sa Salita, sa bawat bahagi Nito. May ilan kasi na kinukuha lang nila ang isang bahagi ng Salita, pero di lahat ng iba pang bahagi. Kinakailangan na buo. Kita n’yo? Kita n’yo? Pinag-alinlanganan nga nung babae ang isang bahagi Nito. At kung ang lahat ng karamdaman at suliranin ay nararanasan natin ngayon dahil sa isang babae na nagduda sa isang bahagi Nito, papaano nga tayo makabalik maliban na lang kung sasampalatayan natin Ito mismo nang buong-buo, at tatanggapin Ito nang sadyang buong-buo? Yun ang kalagayan nila. . . Pinagtibay nga sila na magkalakip ng Salita. Pero nung maihiwalay sila sa isa’t isa, sa laman, bumagsak nga sila. Bumagsak ang babae, sa Salita. Ang babae. . . Masdan, ano ba ’yung bagay na hinanap niya roon?

122 Kung papaano nga ang maraming tao sa panahon ngayon, ang gusto nila’y mas mainam, na sunod sa uso na paraan, isang madaliang paraan. Ayaw nilang harapin ang bagay na inilagay sa harapan nila. Kung gagawin kasi nila, sila nga’y paaalisin mula sa kanilang organisasyon, ititiwalag, bababa ang tingin sa kanila.

123 Hindi n'yo baga nalalaman, na, "Pagwiwikaan kayo ng kasamaan ng lahat ng mga tao, nang may pagsisinungaling, dahil sa Akin. Magalak kayo at magsaya, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa Langit, sapagkat sa gayundin nila inusig ang mga propeta na nauna sa inyo. At lahat ng ibig mabuhay ng may kabanalan kay Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig."

124 Ngayon ano pa bang gusto natin na sabihin Niya? Hayan na ang libo-libong mga Salita na masisipi natin, mga Kasulatan, na nagpapatungkol mismo dun, na matutugaygay mula Genesis hanggang sa Apocalipsis.

125 Na anumang mayroon tayo ngayon, nagpasimula roon sa Genesis. Yun mismo ang binhing kabanata. Lahat ng kawalan ng pananampalataya at lahat ng bagay-bagay ay nagpasimula mismo rito. Ang iglesya ay nagpasimula mismo roon. Lahat ay nagpasimula mismo roon. Katulad na lang nitong dalawang halamang-baging na lumalaki, at ang isa ay ginagaya 'yung isa, at tumutubo na sila'y halos magkatulad na magkatulad.

126 Katulad na lang ng Moab at heto rin si Moises. Hayan nga noon ang Israel na dumarating, na munti lamang, wala silang pagka-denominasyon, di maituturing na bansa kung tutuusin. At may kaparehong pag-aalay sila dun noon sa Moab; na isang mainam na denominasyon, na hayan nga ang lahat ng matataas nilang mga personalidad na lalabas dun, maghahain ng siya ring parehong alay. Mistulang. . . Hayun ang obispo nila roon, si Balaam, bababa nga roon para sumpain ang pinagpala na ng Diyos. Sa isip-isip nila, "Ang bayan na ito'y suwail! Ni wala man lang silang sariling simbahan, na maituturing. Sila'y kung saan-saan na pagala-gala."

127 At ang sabi Niya, "Subalit nabigo silang marinig ang sigaw ng Hari sa kampamento. Nabigo siyang makita ang Makalangit na pagpapagaling na pumasok doon, sa pamamagitan ng ahas na 'yun. At ang Batong hinampas, nang sa gayon mabigyan sila ng buhay! Ang sigaw ng Hari sa kampamento!"

128 Nabigo siya na makita Iyon, ang bulag na obispong 'yun. Pero heto nga, na sa unang simulain, siya'y kasing tama kung papaanong si Moises ay tama; pitong dambana, pitong hain, naghandog din ng isang lalaking tupa, tumutukoy sa pagparito ni Cristo.

129 Pero hindi kailangan ng Diyos ng sinuman para ipaliwanag Siya. Siya mismo ang Sarili Niyang tagapagpaliwanag. Siya ang gumagawa ng pangako, at kaya Siya rin ang nagbubunsod na ito'y matupad, at 'yun na ang kapaliwanagan nito. Walang sinuman ang hinihilingan ng Diyos. "Ang Biblia ay di nagbubuhay sa sariling pagpapaliwanag." Pinagpipilitang sabihin ng lahat na ang ibig sabihin daw Nito ay *ganito*, *ganoon*. Hayaan n'yong ang Diyos ang magsalita para sa Sarili Niya. Siya kasi Mismo

ang gumagawa nun. Siya ang gumawa ng pangako; Siya ang tumutupad mismo dito. Kanya ngang tinutupad 'yan, sa mga mananampalataya.

<sup>130</sup> Pero ang mga di-mananampalataya hayan nga't wala silang matatanggap. Hindi kasi ito para sa kanila. Sila'y patay, sa simula't sapul. Ni wala silang pagrerepresenta kung tutuusin. Walang kahit ano na naroon sa kanila. Sila'y patay na mga balat na panakip. Hindi n'yo nga gustong maging tulad nun.

“Mangapuspos kayo ng Espiritu!”

<sup>131</sup> Pansinin, Kanyang ihiniwalay si Eba at Adan, at ang babae ay bumagsak. Napasama si Adan. Ngayon, “Hindi si Adan ang nadaya.” Si Eba ang nadaya. Pero si Adan, ang unang Adan, ay anak din ng Diyos. At siya'y napalabas din dahil sa pag-ibig niya kay Eba, para subukang maipanumbalik ang babae, dahil mahal niya siya.

<sup>132</sup> Ganun din ang ginawa ni Cristo, para matubos ang Iglesia pabalik. Patungo sa ano? Sa Salita. Ano bang nagdulot nung pagbagsak? Ang Salita, dahil sa di pagsampalataya sa Salita, sa buong Salita. At naparito si Cristo para Siya'y maging isa sa atin, na ang Buhay Niya ay mapasa atin, para ipagpatuloy ang Salita. “Sa pasimula ay ang Salita, ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita'y nagkatawang-tao at nanahan kasama natin. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Siya ring Diyos! Yan ang dahilan ng Kanya mismong pagparito, ang gawin 'yan.

<sup>133</sup> Ngayon nasumpungan natin, sa pagpapatibay, na tinubos tayo pabalik sa Kanya, tinubos ang mga masuwaying mga anak na nangaligaw sa mga morgeng ito; at maipanumbalik patungo sa Salita uli, pabalik sa ipinakilalang Salita!

<sup>134</sup> Ngayon hayan nga na ang mga Judio, noong dumating si Jesus, sinasabi-sabi nila, “Nasa amin ang Salita. Nasa amin ang Salita. *Heto* mismo ang sinabi ni Moises. Mga alagad kami ni Moises.” Si Jesus, haya't labing-dalawang taong gulang pa lang noon, na nakikipag-diskusyon na sa kanila. At pagkatapos nung. . . Kita n'yo, ganoon kasi ang ginagawa ng tao Rito.

<sup>135</sup> Pero sinabi nga ni Jesus, “Kung di Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag kayong sumampalataya sa Akin. Sapagkat, ang mga gawa na ibinigay sa Akin ng Ama upang gawin, ang mga ito ang nagpapatotoo kung Sino Ako.”

<sup>136</sup> Sino? Sinumang ipinadala ng Diyos, ang Diyos nga mismo ang magpapatibay sa pamamagitan ng mga gawa na Siya ang nagtalaga sa taong ito na 'yun ang gawin. Kung hindi, di 'yun kinakatigan ng Kasulatan, isantabi n'yo.

<sup>137</sup> Maging dun noon sa Lumang Tipan, may pamamaraan sila noon para malaman kung ang isang bagay ba'y tama o hindi.

Kanilang dadalhin dun ang isang mapapanaginipin, o—o isang nagpropesya, o kung sino man, dadalhin nila roon sa Urim Thummim. Yun nga’y sobrenatural na Liwanag.

<sup>138</sup> Ang Diyos sa tuwina ay sobrenatural, kumikilos sa sobrenatural. Hangga’t may isang Diyos, may sobrenatural, kung ito nga’y ang Diyos na Jehovah.

<sup>139</sup> At, kahit na, gaano pang kaganda pakinggan ang panaginip na ’yun, kung di ’yun napaaninag sa Urim Thummim na ’yun, ang panaginip ay mali.

<sup>140</sup> Ngayon ang lumang pagkasaserdote ni Aaron ay lumipas na, pero heto pa rin na mayroon tayong Urim Thummim. Heto ang kapahayagan ni Jesus Cristo, ipinapahayag Siya rito sa Salita na ito. At anumang bagay na salungat sa Salita na ito ay hindi Diyos; salungat Dito. Mangyari kasing ang Diyos ay nangungusap para sa Kanyang Sarili. Ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

Doon nga nagapi ni Jesus si Satanas. “Nasusulat . . .”

<sup>141</sup> Pagkatapos heto nga na bumalik uli dun si Satanas, at may ibinangat uli. Sabi niya, “Oo, pero nasusulat din naman . . .” Pero nung sandaling ’yun, nung umentrada siya, tinamaan siya ng—ng malakas na boltahe. Noong mga sandaling ’yun nasunog ang kanyang mga pakpak. Umiwas na siya, dahil dun.

<sup>142</sup> Sabi Niya, “Nasusulat, ‘Di lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.’ Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas!” Kita n’yo?

<sup>143</sup> Pansinin n’yo ang nangyari. Sa tuwina’y ipinapakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng ipinangakong Salita. Ngayon kung ’yung mga Fariseo na ’yun ay bumaling lamang doon, sa sinabi noon ni Moises, “Ang Panginoon n’yong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na katulad sa akin.” Yun nga ang nasa Kasulatan.

<sup>144</sup> Kaya di na nga nakapagtataka na noong pasalamat na ni Jesus ang Ama, ay nagsabi, “Pinasalamat Kita, Ama, dahil ikinubli Mo ito mula sa mga mata ng mga pantas at matatalino, na ipinahayag Ito sa mga sanggol na mangatututo.”

<sup>145</sup> Noong sabihin Niya kay Pedro nung araw na ’yun, nung magtungo sila sa dakong ’yun. Nung sabihin Niya, “Ano bang masasabi mo kung sino Ako na Anak ng tao baga?”

<sup>146</sup> “May ilan na nagsasabi na Ikaw raw si ‘Elias,’ at may ilan din na nagsasabi na Ikaw si ‘Moises,’ at kung sinu—sino pa.”

Sabi Niya, “Pero hindi ’yan ang tanong. Ikaw mismo ang tinatanong Ko.”

Sabi, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

<sup>147</sup> Sabi Niya, “Mapalad ka Simon, na anak ni Jonas, na hindi laman at dugo ang nagpahayag sa iyo nito. Hindi ito kailanman

natutunan sa seminaryo, walang nagturo nito sa iyo, kundi ito'y isang kapahayagan." Oh, ang ganda! "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng impyerno ay di magwawagi laban Dito," hayan nga ang kapahayagan, o ang pagkakakilanlan kay Jesus Cristo.

Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan."

148 Ngayon sige't magpatuloy na tayo sa paglalakbay. Nakita natin Siya . . . Ngayon dumako na po tayo sa ika-17 kabanata. Makikita natin Siya rito sa ika-17 kabanata, noong Siya nga'y magpakita kay Abraham pagkatapos nung pagpapatibay rito, na ipinapakita kung ano ang gagawin Niya.

149 At ngayon, alalahanin n'yo, ang Espiritu nga'y dumarating sa . . . At ang Espiritu na naroon sa Iglesia, tunay na Iglesia, tootong Iglesia, Iglesia ng Diyos, bayan ng Diyos; ang Espiritu na nasa kanila, ay naroon, ang siya ring Espiritu ay naroon kay Cristo, kalakip ang isang pangako. "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo."

150 Kung maaalala n'yo, may pangyayari dun sa pagpapapako sa krus, bago lang 'yun, na tinalukbungan nila ng basahan ang Kanyang mukha, at hinampas Siya sa ulo, gamit ang isang tambo, at nagsabi, "Ngayon kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, heto . . . Ika'y—Ika'y propeta raw, ang sabi nila sa akin. Sige't magproposiya Ka nga, propeta!" Pinagpasa-pasahan nila 'yung pamalo, "Sabihin Mo sa amin kung sinong humampas sa Iyo." Nakita n'yo na ang diyablo? Nakita n'yo?

151 Sabi niya, "Batid ko na isa Kang dakilang tagapagpamalas ng mga himala. Sige't gawin Mo ngang tinapay ang mga batong ito. Ipakita Mo sa'kin na nagagawa Mo ito. Ako'y—ako'y—ako'y maniniwala sa Iyo kung magagawa Mo ito, na gawing tinapay ang mga batong ito. Maniniwala ako sa Iyo. Maniniwala ako."

152 May isang lalaki na nagsabi sa akin kamakailan lang, ang sabi, "Kung makakapagpakita ka ng kahit isang tao lang na napagaling, na may pirmadong salaysay mismo ng doktor!"

153 Sabi ko, "Oh, mahabagin, ginoo, tumikom ka. Mas mabuti 'yun!" Sabi ko, "Magdadala ako ng mga doktor na daan-daan ang bilang."

Sabi niya, "May sanlibong dolyar ako na naghihintay para sa iyo, kung magagawa mo."

154 At dinala ko ang mga doktor, kalakip ang mga kaso. Sabi niya, "Buweno, ang pera ay nasa . . ."

155 Sabi ko, "Gusto kong mapunta ang pera sa kaloob para sa pagmimisyon." At ang sabi niya . . . "Magpadala kasi ako ng sinuman na naniniwala sa Ebanghelyo, sa ibayong-dagat."

156 Sabi niya, "Buweno, sige't magdadala ako ng maliit na batang babae, at ako at ang mga kapatiran ko ay tatayo sa

palibot, at puputulin namin ang kamay niya, at pagkatapos pagalingin mo siya sa mismong harapan namin, at dun pa lang kami maniniwala sa iyo.”

<sup>157</sup> Sabi ko, “Ikaw mismo ang nangangailangan ng kagalingan sa pag-iisip.” Ganoon nga. Isang tao na inalihan nang husto ng diyablo!

<sup>158</sup> Ganoon na ganoon sa nagsabi noon, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, kung Ikaw nga, bumaba Ka mula riyon sa krus.” Oh, samantalang ang Biblia na mismo ang nagsabi na Siya’y kinakailangan na mabayubay dun sa krus!

<sup>159</sup> Sabi ni Caifas, “Iniligtas Niya ang iba; ang Kanyang Sarili ay di Niya kayang iligtas.” Di niya nalalaman, na anupa’t ’yun ang pinakamalaking papuri na maiuukol niya sa Kanya. Kung ililigtas Niya kasi ang Sarili Niya, di Niya maililigtas ang iba. Kinakailangan Niyang maialay ang Kanyang Sarili.

<sup>160</sup> Tunay, na alam Niya kung sino ang humampas sa Kanya, pero di nga Siya magtatanghal ng palabas sa diyablo. Di Siya magtatanghal ng palabas sa diyablo. Ang mga gawa Niya ay ipinapadala para dun sa mga nananampalataya, hindi ’yung para magtanghal lang ng palabas.

<sup>161</sup> Pansinin n’yo, nagpakita Siya rito sa kanya noong siya’y siyamnapu’t siyam na taong gulang na, at nagpakita Siya sa kanya sa pangalan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat. Ang pangalan dun, sa Hebreo, ay *El Shaddai*.

<sup>162</sup> Ngayon, ang Diyos ay may pitong tambalang, pangalan ng pagtutubos. Alam natin ’yan. At di n’yo maihihiwalay ang mga pangalan na ’yun mula kay Cristo. Hindi n’yo maihihiwalay. Tinupad ni Cristo ang bawat isa sa mga tambalang, pangalan ng pagtutubos. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siya, sinasampalatayanan n’yo ba na Siya ay Jehovah-Jireh, “ang Panginooon ay naglaan ng haing handog”? [“Amen.”] Tapos ano naman yaong *Jehovah-Rapha*, “Ang Panginooon ay nagpapagaling ng lahat ng inyong mga karamdaman”? [“Amen.”] Haya’t kung di ’yan tumutukoy kay Cristo, kung ganoon ay di Siya Jehovah-Jireh. Kaya hindi n’yo maipaghihiwalay na bukod, ang buong ito’y magkalakip, at hayon nga kayo. Di Siya maaaring maging Jehovah-Rapha kung di mapagiging Jehovah-Jireh, kung papaanong di Siya maaaring maging Jehovah-Jireh kung di mapagiging Jehovah-Rapha. “Siya’y nasugatan alang-alang sa ating mga pagsuway, sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Wala ngang pagtatalo Riyan.

<sup>163</sup> Ngayon nakita natin dito, na Siya’y nagpakita sa pangalan na *El Shaddai*, “Pinakamakapangyarihan.” Ang . . . Katunayan, ang salitang, ang Hebreong salita na *shad*, s-h-a-d, ang bigkas pa nga ng iba ay “shade.” Ibig sabihin ng *shad* ay “dibdib,” gaya ng dibdib ng isang babae. At nagpakita Siya sa kanya sa



pangalan na El Shaddai, na nasa baybay na pangmaramihan, *nadidibdiban*. “Ako ang Diyos na Nadidibdiban. Abraham, siyampapu’t siyam na taong gulang ka na, lumakad ka sa harap Ko! Magpakasakdal ka, sampalatayanan mo ang Salita Ko! Magpatuloy ka sa pagsampalataya! Nangako Ano noon, sa edad mo na pitumpu’t lima; heto na nga ito ngayon, lumipas—lumipas ang dalawampu’t apat na taon ngayon mula nung sabihin Ko ang pangako na ‘yun sa iyo.” At grabeng—grabeng kaaliwan ‘yun para sa isang matanda nang lalaki, na ang edad ay siyampapu’t siyam na. At hayan nga na lahat ng kalakasan niya’y kumupas na, at heto ang Diyos na nakatayo sa harapan niya mismo, nagsabi, “Ako si El Shaddai. Ako ang Diyos na Nadidibdiban.” Amen. “Kumuha ka ng kalakasan mula sa Akin. Ako ang iyong kalakasan.”

<sup>164</sup> Katulad, katulad nitong Bago at Lumang Tipan, Diyos na Nadidibdiban. “Ako ang Diyos na Nadidibdiban, kumuha ka ng lakas mula sa Akin.”

<sup>165</sup> Katulad nga ng isang munting sanggol kapag siya’y may sakit, di-mapakali; may sakit, mahina, sumasandal ang sanggol sa dibdib ng nanay at sumisipsip ng kanyang lakas mula sa nanay. Sa madaling sabi, “Abraham, ika’y anupa’t sanggol lang sa Akin.” Siyampapu’t siyam na taong gulang, para ngang di lumipas ang araw, sa buhay niya.

<sup>166</sup> Alalahanin n’yo, si Jesus nga’y napako, na parang kahapon lang. Sanlibong taon sa lupa—sa lupa, ay isang araw lang sa Diyos. Kita n’yo, para ngang kahapon lang Siya ipinako.

<sup>167</sup> At pansinin n’yo, “Ako si El Shaddai. Ikaw ang maliit, na mahinang sanggol. Pero dumantay ka sa Aking dibdib, Aking pangako, at humugot mula sa Akin ng kalakasan mo. Ako ang maylalang na nagsabit ng kalangitan at lupa, naglagay ng mga bituwin sa ibayo. May ano bang bagay na napaka hirap para sa Diyos? Ako si El Shaddai, at ikaw ang Aking anak. Bagamat mahina ka, at heto nga na hinahayaan Ko lang na maging ganun ka para makita kung anong gagawin mo sa bagay na ito. Ikaw nga’y gagawin Kong halimbawa sa mga tao mula ngayon, na ang tao’y makasampalataya sa Aking Salita. Tutuparin Ko Ito. Kahit na ano pa, gaano pa ang itagal, ipangyayari Ko ito. Tutuparin Ko ito. El Shaddai! Humugot ka ng kalakasan mula sa Akin.”

Oh, sasabihin n’yo, “Kung masasampalatayanan ko . . .”

<sup>168</sup> Haya’t nananatili pa rin Siyang El Shaddai. Siya pa rin ang Diyos na Nadidibdiban, Bago at Lumang Tipan. Sige’t kumuha lang ng kalakasan mula Rito, oh, anuma’t lahat ng kailangan mo. Ang sanggol, siya nga’y mahina sa sarili niya, kailangan niyang makakuha ng kalakasan niya mula sa kanyang nanay; ‘yun lang ang tanging paraan para makakuha siya ng lakas niya. Yun lang ang tanging paraan para ang mananampalataya ay makakuha ng kalakasan niya, ang humugot nga mula sa Salita ng Diyos.

Yun ang kalakasan niya, ang mga pangako ng Diyos sa kanya. Manatili lamang at sampalatayanan Ito!

<sup>169</sup> At di lang 'yung kapag ang munting sanggol ay may sakit ang ipinapakita rito, na ang sanggol ay di-mapakali, na siya nga'y ilalagay siya ng nanay niya sa kanyang—kanyang dibdib, at ang sanggol ay nakagagatas na't manunumbalik ang lakas niya; ipinapakita rin na may kakuntentuhan siya habang siya ay pinagagatas.

<sup>170</sup> Ganoon nga ito sa tunay na anak ng Diyos. Anuman ang sabi-sabihin ng mga mapag-alinlangan, ano't anuman ang anak ay sasampalataya. Kung sinasampalatayanan mo talaga Ito, si Jesus nga'y di kailanman puwedeng magsinungaling. Kayo nga'y may kakuntentuhan na Ito'y nahayag sa inyo. Nakamit mo ang pangako, at walang kahit na ano na makapipigil dito. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," kita n'yo, espiritual, na inihayag na Salita ng Katotohanan.

<sup>171</sup> Habang naghihintay, nakapahingalay sa pananampalataya mo, hawakan mo ang pangako ng Diyos. "Sinampalatayanan Kita, Panginoon. Ipinangako Mo na ipagkakaloob sa akin ang bautismo ng Espiritu. Ako'y nakapahingalay sa Iyong. . . sa pananampalataya. Itong pananampalataya na taglay ko sa Iyo, ako nga'y humuhugot ng kailangan ko, para sa kailangan ko, mula—mula. . . para sa aking kalusugan, mula sa Iyo mismong pinagkukunan para sa pangangailangan ko, ang Salita.

<sup>172</sup> "Ang tao ay di mabubuhay sa tinapay lamang, bagkus mula sa dibdib ng Diyos ay makahuhugot siya ng kanyang lakas." Bawat Salita na manggagaling sa bibig ng Diyos, at doon ay makatatanggap ang tao ng kanyang kalakasan yamang Siya ay nanggagaling mula sa—sa bibig ng Diyos, ang Salita.

<sup>173</sup> Katulad ni Abraham, nakapahingalay si Abraham. Ngayon siya nga'y kasa-kasama na si Sarah mula nung siya'y isang—isang munting batang babae pa lamang. Siya'y kapatid niya sa ama, at kasa-kasama na niya siya at pinakasalan siya. At, siya, siya nga'y. . . Si Sarah ay baog. Wala siyang anak. At heto na si Sarah ngayon, siya'y ano na. . . kung siya'y siyamnapu't. . . siyamnapu't siyam. Si Sarah naman ay walumpu't siyam na, walumpu't siyam na taong gulang na. "Pero, si Abraham, ay dumantay nga sa pananampalataya ng Aking Salita. Ako ang nangako sa iyo, Akin itong gagawin. Ako si El Shaddai. Ako ang Diyos na Nadidibdiban para sa Aking mga anak na mga nananampalataya." Kung di n'yo gustong humugot mula roon, buweno, anupa't kung anu-ano pa ang sasabihin n'yo tungkol dito, kita n'yo. Pero kung anak ka talaga, huhugot at huhugot ka mula roon, dadantay, sa bawat pangako!

<sup>174</sup> Pansinin, ang tunay na pananampalataya ay nakadantay mismo sa matibay na bato ng pangako ng Salita ng Diyos. Di

'yun tinatangay na mababago. Ang tunay na pananampalataya ay naka-angkla mismo.

175 Katulad nung hilagang bituwin, ang hilagang bituwin ay palatandaang nakapirmi para sa sinumang kapitan ng barko, 'yung kompas ay ituturo't ituturo siya doon lamang sa hilagang bituwin. At ang Diyos, ang Salita, ay ang hilagang bituwin ng bawat Cristiano, kung kayo'y naliligaw, at ang Espiritu mismo ang magtuturo sa inyo Rito. Di kayo Nito ituturo sa anupaman na iba. Maski nitong lahat ng mga ismo, at kung anu-ano pa, at—at mahahalo roon ang Cristianismo, anuman 'yun; magaya man sa sanlibutan, natatangay-tangay, may pagbabago-bago sa mga bituwin na 'yun, pero di nga nun mababago ang hilagang bituwin. Haya't wala ngang kahit na ano ang magpapabago sa Salita ng Diyos. Umangkla kayo Rito, manatili kayo Rito!

176 Ngayon, ang tunay na pananampalataya ay di tinatangay ng mga kredo't mga gawang-taong doktrina, at kawalan ng pananampalataya. Nananatili Ito mismo sa Salita, tunay na pananampalataya sa Salita.

177 At saan pa bang ibang bagay n'yo mailalagak ang inyong pananampalataya kundi sa Salita lamang? Kung Diyos ang nagsabi, ilagay n'yo mismo ang daliri n'yo Rito, dahil totoo Iyon. Hindi Iyon natatangay. Ito'y humuhugot mula sa Nadidibdibang Aklat ng Diyos, ang Biblia, Kanyang—Kanyang mga katangian, Kanyang ipinangako. Kung ano ang Kanya mismong ipinangako, 'yun ang Kanyang Salita. Ipinamumunga ng Salita ang Sarili Nito. Ito'y kaisipan sa pasimula bago ang Salita, pagkatapos Salita; pagkatapos ang Salita ay nahayag, at mula dun ay hinuhugot n'yo ang inyong—inyong kalakasan. Sa pagsampalataya! Sa pagsampalataya! Kung papaanong ang Maylalang . . . Sa pagsampalataya, kung papapanong Siya, ang Maylalang na lumikha ng sanlibutan.

178 Sinabi ng Bagong Tipan, sa dako rito, “Kung papaanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang ang Anak ng Tao ay maitaas.” Parehong layunin. Ano 'yun? Sila nga'y nag-aalinlangan noon sa Diyos, at kaya ang karamdaman at kapighatian ay nakapasok. At itinaas niya ang ahas. Para sa ano? Para sa kagalangan nila't para sa kapatawaran nila. Yun nga ang dahilan. At ang nirerepresenta ng tanso ay Makalangit na kahatulan; at si Jesus yaong ahas na hinatulan, hayan nga, gaya ng nirerepresenta ng tanso.

179 Ngayon, matapos na mapagtibay Niya ang tipan, o ang tipan ay nahayag sa kanya, nagbigay 'yun ng pananampalataya sa tunay na mga anak ng Diyos. Ang Salita ay nagbubunsod ng pananampalataya, Siya na Nadidibdiban. May—may kung ano na naibubunsod sa kanila sa tuwing yaong—yaong Salita, o sa tuwing yaong tipan ay inihahayag, haya't nagbubunsod mismo ng pananampalataya sa tunay na mga anak ng Diyos.

<sup>180</sup> Ngayon nalaman natin, napag-alaman natin, na dito, Siya ay tinawag na Elohim. Ito nga pong salita rin dito, haya't sa pagkakasalin, ang ibig sabihin ay "Elohim." Sige po't hanapin n'yo, nang makasigurado. Elohim! At ang *Elohim* ay "Siya na may Buong Kasapatan." Siya ay El Shaddai, Elohim, ang Diyos na Nadidibdiban, Siya na may Buong Kasapatan. Di nga Niya kailangan ng anupaman mula sa kahit sino. Siya ang inyong buong kasapatan.

<sup>181</sup> Pansinin, heto rin na pinatotoo ito rito, nadaanan ko nga 'yun nitong hapon nung pinag-aaralan ko ito, sa Job, Job. Ang Diyos ay tinawag na "Elohim." At si Job ay kinutya, nilibak; anupa't, 'yan na 'yan ang nangyari ngayon. Pero si Job ay nakalagak mismo sa pangako ni Elohim, "Gayong sirain na pagkatapos ng uod ang katawan na ito, gayunma'y makikita ko ang Diyos sa aking katawan, na aking makikita mismo." Nakalagak doon kay Elohim, kahit na ano pa ang dumating.

<sup>182</sup> Dumating nga roon ang asawa niya, nagsabi, "Kahabag-habag na ang itsura mo, Job." At heto ring dumating ang diba't sana'y mag-aaliw sa kanya sa palibot niya, "Oh, nakita mo na 'yang nangyari sa iyo, matandang kaibigan? Sinasabi ko na nga ba na may kung anong mali, sa simula't sapul. Nakita mo na ang nangyari?" Napakaraming tao ang gustung-gusto 'yung sila'y nakapanlilibak ng iba kagaya nun.

<sup>183</sup> Samantalang si Job ang pinaka mainam na tao sa panahon niya. Ang pinaka mainam na tao ng Diyos sa lupa noon ay si Job. Sinabi ng Diyos kay Satanas, "Wala siyang katulad." Amen. "Napansin mo na ba siya?"

<sup>184</sup> Sinabi ni Satanas, "Oo, ang lahat kasi'y maalwal sa kanya. Tibagin mo ang kumukupkop na 'yan sa kanya at sige't ibigay Mo siya sa akin. Ibubunsod ko na sumpain ka Niya sa harapan Mo." Ginawa nga niya ang lahat ng magagawa niya, pero hindi niya nagawa.

Nakalagak si Job sa pangako na 'yun.

<sup>185</sup> Dumating nga ang mga kalalakihan, at nagsabi, "Ngayon, nasaan na ngayon 'yung malaking Diyos na ibinibida mo lagi? Uh-huh, tingnan mo kung ano, ikaw—ikaw nga'y naniniwala sa Kanya na ganito, pero tingnan—tingnan mo nga ngayon ang nangyari."

<sup>186</sup> Pero sa kabila nun ay naglumagak pa rin siya kay El Shaddai, kahit na 'yung mga bukol niya'y pinasusuko na siya at 'yung buhay niya'y parang wala na kung ituturing. Nakaupo siya roon sa bunton ng abo, kinakayod ang mga bukol niya.

Sabi ng asawa niya, "Ikaw . . . Bakit di mo na lang sumpain ang Diyos at mamatay ka na?"

Sabi, "Nagsasalita ka na parang isang hangal na babae." Oh, grabe!

187 “Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon din ang mag-aalis, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Nagtiwala ako kay Elohim. Gayong sirain man Niya ang katawan na ito, na ang mga uod ay kainin ito, gayunma’y sa aking laman ay makikita ko mismo ang Diyos, na makikita ko mismo; makikita mismo ng mga mata ko’t di mata ng iba.” Bumangon nga siya, doon sa Mateo 27, noong bumangon ang mga banal, nung sila’y magbangon at nagtungo roon, na anupa’t mismong . . . pumasok sa loob ng bayan. Anupa’t mismong tipo ng panahon ngayon, na heto’t naghihintay, nagtiwala sa pangako.

188 Pansinin matapos na magpakita Siya sa Pangalan na ito, sa Pangalan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

189 Ngayon, iglesya, ngayon dadako nga tayo rito sa kaunting doktrina, marahil maging palaisipan sa inyo ito. Kung di n’yo paniwalaan, nasa sa inyo na ’yan. Yamang nandito na tayo, ay mangungusap na ako sa bagay na nasa isip ko. May karapatan naman kayo na isipin kung ano ang gusto n’yong isipin.

190 Pero, pansinin, mangyari ngang ang lahat ng mga bagay na ito ay “mga tipo, anino, at halimbawa,” gaya ng pagkakasabi ng Biblia tungkol sa mga ito. Ang mga ito’y pawang mga ganun nga. At heto nga, na ’yung pakikipag-ungay ng Diyos kay Abraham sa lakbayin na ’yun, ay tulad nga sa pakikipag-ugnay Niya sa maharlikang Binhi ni Abraham sa lakbayin. Pansinin, Siya’y nakipag-ugnay sa mga Judio sa ganoon ding paraan. Ito nga’y nagpasimula roon, sa pangakong ’yun ng tipan; lahat ng mga bansa, lahat ng mga tao.

191 Pansinin matapos na magpakita sa Pangalan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. At ’yun nga’y nahayag sa kanya na Siya Yaong may Buong Kasapatan. Wala Siyang katulong; di Niya kailangan, mga alalay man. Siya’y nag-iisa, Diyos. Siya’y Diyos, nag-iisa. At nagpakita Siya kay Abraham sa Pangalan na ito, at nung magpakita Siya sa kanya sa Pangalan na ito, haya’t napagkilala ni Abraham kung Sino Siya, mangyaring binago Niya ang pangalan ni Abraham. Ngayon siya nga’y dumating sa kaganapan ng pananampalataya ngayon. Nakikita n’yo ba kung saan hahantong ang Iglesya? Umaasa ako na makikita n’yo ang ibig nitong ipahiwatig sa pagitan ng mga talata. Dumating sa punto na inihayag Niya sa kanya kung Sino Siya, at pagkatapos ay Kanyang binago ang pangalan ni Abraham nang sa gayon ang pangako ay matupad.

Ngayon sasabihin n’yo marahil, “Wala namang malaking bagay diyan sa panga-pangalan na ’yan.”

192 Kung ganoon ay bakit pa Niya binago ang pangalan ni Abraham mula Abram ay pinaging Abraham? Bakit pa Niya binago ang pangalan ni Jacob mula *Jacob*, “mang-aagaw,” ginawang *Israel*, “prinsipe sa Diyos”? Bakit pa Niya binago ang pangalan ni Saulo na pinaging Pablo? Tunay nga, sa pangalan

niya, tunay nga, tunay nga na may kahalagahan 'yun. Tunay nga. Kung di ka napangalanan nang tama, babaguhin nga ito ng Diyos, kung ikaw ay tinawag Niya. Siyanga, po.

<sup>193</sup> Pansinin, binago Niya ang pangalan niya rito ngayon, mula Abram at pinaging *Abraham*, na ang ibig sabihin ay, “ama ng mga bansa,” nagdagdag ng h-a-m, Abraham. Haya't ginawa Niya ito nang sa gayon ang ganap na pangako ay matupad. At ang anak na lalaki, na matagal nang naipangako, ay makita, o, sa madaling sabi, ay mahayag, nung baguhin Niya ang kanyang pangalan at matapos na mapagkilala niya kung Sino nga Siya. Haya't kanyang, marahil napansin niya na higit sa isa sila roon; pero napagkilala nga niya na Siya yaong Elohim, ang Diyos na nag-iisa. Hayan nga't, nung kanyang mapagkilala, mangyaring binago Niya ang pangalan niya. Sabi Niya, “Ngayon, Abraham, di ka na tatawaging Abram pa, kundi *Abraham* na, dahil, isang ‘ama ng mga bansa,’ ay Akin ngang ginagawa ka.” Si Abraham, ngayon, siya'y naroon na sa posisyong 'yun. Naroon na siya sa posisyong 'yun matapos ang kakahayagan kung Sino Siya. Siya nga'y nasa posisyon nang 'yun na makita ang anak niyang lalaki na mahayag na.

<sup>194</sup> Napipinto na ang pagdating ng Anak, upang mahayag. Oh, mga anak ni Abraham!

<sup>195</sup> Pansinin, binago Niya ang pangalan ng mensahero Niya, doon mismo sa pagtatapos ng panahon. Haya't, siyamnapu't siyam, isang taon na lang ang natitira, at Kanyang binago ang pangalan niya mula Abram ay pinaging Abraham. Pagbabago ng pangalan, dinagdagan ng h-a-m, na ang ibig sabihin ay “ama.” Siya'y napipinto nang maging ama, isang ama ng isang pangako; ama, pangako.

<sup>196</sup> Oh, kung may espirituwal na pagkilala lamang kayo, sige't pakinggan n'yo! Pagkatapos na mahayag ang Pangalan ng Diyos, kung Sino Siya, pinalitan Niya ang pangalan ni Abraham. Ngayon pagkatapos nung kakahayagan, mangyaring umapak siya sa lupa, “hindi 'yun grupo ng mga Diyos; isa lang Siya,” ngayon ito na ang oras para ang kakahayagan ng Anak na ipinangako ay mahayag sa maharlikang binhi ni Abraham, na ipinangako.

<sup>197</sup> Tingnan n'yo, pinagbago Niya mula kay Wesley, Baptist, Presbyterian, Pentecostal. Di ko nga alam kung dapat ko bang sabihin ito o hindi. Di n'yo kailangang paniwalaan ito. Pero umaasa ako na mapapatawad n'yo ako, dahil ayaw ko kayong masaktan.

<sup>198</sup> Pero, tingnan n'yo, wala ngang mensahero kailanman sa kaiglesyahan ng—ng Diyos, sa buong kasaysayan ng panahon, na nagkaroon ng tagapanguna, mula repormasyon, na gaya ng tagapanguna sa panahon natin ngayon, na Billy Graham, siya nga, mangyaring siya'y lumibot na sa buong mundo. Kita n'yo?

At, pansinin n'yo, hindi tayo nagkaroon kailanman ng lalaki, repormista man. . . Mayroon na tayong Sankey, Moody, Finney, Calvin, Knox, at iba pa, Wesley, Luther, wala pa ngang isa na ang dulo ng pangalan ay h-a-m, noon. Ang tanging mensahero na mayroon tayo sa mga kapanahunan ng iglesya, na ang dulo ng pangalan ay h-a-m; G-r-a-h-a-m, Graham.

<sup>199</sup> At ang Graham ay may anim na letra, at ang bilang na anim ay bilang ng tao, araw ng tao; ang tao ay nilikha, sa—sa Genesis 1:26, sa ika-anim na araw. Pero ang bilang na pito ay bilang ng Diyos; ikapitong araw, namahinga ang Diyos. Hindi anim, ipinapakita na itong G-r-a-h-a-m ay sa iglesya na narito sa lupa; pero, A-b-r-a-h-a-m, ang Abraham ay mayroon ngang pitong letra.

<sup>200</sup> Sasabihin, “Wala namang malaking bagay diyan sa mga bilang-bilang na 'yan.” Kung ganoon ay wala po kayong nalalaman sa numeriko ng Biblia n'yo. Kita n'yo? Siguradong magkakamali kayo sa pagkakaintindi n'yo Rito. Tunay nga.

<sup>201</sup> Ang Diyos ay “sakdal” sa bilang na *tatlo*, at “sinasamba” sa bilang na *pito*, at “tinukso” sa bilang na *apatnapu*, at “ang mga jubileo” ay sa bilang na *limampu*, oh, ano man ang gusto n'yong silipin diyan. Puno mismo ng matematika, ang Biblia ay tumutugayay sa matematika.

<sup>202</sup> Pansinin, ang ikaanim ay mensahero na ipadadala sa lupa. At, pansinin, ang ikapito ay bilang ng Diyos.

<sup>203</sup> At pansinin sa panahon na ito ng pagpapakita ngayon, o sa paghahayag ng Anak. Kapag ang. . . Ito'y ihahayag, ang Anak. Kanila ngang napagkilala na ang Kanyang Pangalan, nakilala na kung Sino Siya. Siya ang El Shaddai, ang Makapangyarihan sa lahat, Elohim. Pero ngayon sumapit na tayo sa panahon na ang ipinangakong Anak ay ihahayag ang Kanyang Sarili. Ang Anak, si Isaac Mismo na ipinangako, ay handa nang dumating sa eksena.

<sup>204</sup> At di nga Niya 'yun magagawa hanggang sa ipadala Niya at palitan ang kanyang pangalan mula Abram ay gagawin ngang Abraham, dahil, “isang ama ng mga bansa, hayan nga siya.” Pansinin, *-ham*, h-a-m, “ama, ama ng mga bansa.”

<sup>205</sup> Tingnan n'yo nga kung papaanong angkop na angkop 'yun sa Malakias 4, “Ipanumbalik ang Pananampalataya, pabalik sa mga magulang,” Ang Binhi ni Abraham ay ipanunumbalik muli sa uri ng Pananampalataya na tinaglay ni amang Abraham, ang kanyang maharlikang Binhi. Ang katuparan ng Malakias 4, ay ang maipanumbalik ang Pananampalataya na naroon noon sa pasimula, maipanumbalik muli Ito sa maharlikang Binhi ni Abraham. Isa 'yung pangako. Yun mismo ang pangako. Ang Maharlikang Binhi ay kinakailangan mismong mahayag, at sa pamamagitan ng. . . sa pamamagitan ng Maharlikang Binhi, haya't ang Maharlikang Binhi, ni Cristo. Si Cristo nga ang

Maharlika Binhi. At ang Binhi ay ang Espiritu Santo na nasa mga puso ng mga tao na nananampalataya mismo sa Diyos, na nanghahawakan sa Kanyang Salita, at ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan nila, dinadala ang siya ring Mensahe. “Kaunti pang panahon ay di na Ako makikita pa ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako; Ako’y sasama sa inyo, sasa inyo. At ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo.” Kita n’yo, inihahayag ’yun sa huling mga araw, kung paano nga ’yun darating.

<sup>206</sup> Ngayon, tingnan n’yo ang ika-18 kabanata ngayon. Nung pagkatapos na pagkatapos nung pagbabago ng pangalan, ang Diyos ay nagpakita, para ihayag ang Kanyang Sarili sa laman. Matapos na maipakilala ang Pangalan, kung Sino nga Siya, ang Diyos ay nagpakita sa laman. Si Abraham, isang mainit na araw, mga ilang linggo o buwan bago tupukin ang Sodoma at ang pagdating ni Isaac sa eksena. At, pansinin, si Abraham ay nakaupo noon sa labas sa ilalim ng kanyang encina.

<sup>207</sup> At si Lot ay naroon noon sa Sodoma, at tinatamasa nila roon ang mga kalayawan ng sanlibutan. Gayong, siya’y isang Pastor Lot, marahil may munti’t mainam na kongregasyon siya dun sa dakong ’yun. Ano pa man ang ginagawa niya, sinabi ng Biblia, “Ang kasamaan at mga kasalanan ng—ng panahon na ’yun ay bumabagabag sa kanyang matuwid na kaluluwa.” Heto nga na kagayang-kagaya siya ng maraming modernong Lot sa panahon ngayon, pero alam niya mismo na di siya makapagsabi ng anumang doon. Kaya hayan na’t pansinin, hayun nga siya.

<sup>208</sup> Pero si Abraham, matapos na Siya’y mahayag sa kanya, ngayon, ito pong si Elohim na Siyang nakikipag-usap sa kanya roon. Ngayon nakaupo siya noon sa ilalim ng puno ng encina, at heto nga na parating ang tatlong lalaki, sila’y naglalakad na gaya ng mga tao. Masdan n’yo ang epekto nung kapahayagan, ng kung Sino ang Diyos, na naroon kay Abraham, kung ano nga ang ibinunsod nun sa kanya. Matapos na mabago ang kanyang pangalan mula Abram ay naging Abraham, nakita niya roon na may tatlong Lalaki na parating, at tinawag niya ang tatlo, na Isa, “aking Panginooon.” Tatlo sila na naroon, pero Isa. Hindi ganooon ang nangyari dun kay bilang anim, na si Lot; dalawa ang nakita niya, at ang sabi niya, “mga panginooon ko.” Yaong pangitain at kapahayagan ni Abraham ay nagpakita sa kanya na Siya yaong Buong Kasapatan na si Elohim. Ang Binhi Niya ay tatanggap ng siya ring bagay.

<sup>209</sup> Pansinin n’yo kung paanong inihayag Niya ang Sarili Niya, kung paano Niya ipinakilala ang Sarili Niya, para malaman kung ang indibidwal ba’y tama o hindi. Pansinin, para sa tunay na nananampalataya, anong tanda ang ibinigay Niya. Ano ’yung ipinangyari Niya, para maipakita sa kanya na ’yun ang Elohim doon?



210 Ngayon, ang sabi niya, “aking Panginoon.” Malalaking P-a-n-g-i-n-o-o-n. Sinumang iskolar, nalalaman n’yo nga ’yan; sinumang iskolar ay nalalaman na ’yun ang Elohim, Siya na may Buong Kasapatan, Elohim.

May nagsabi sa akin noon na lalaki, minsan, “Huwag mong sabihin na naniniwala kang ang Diyos ’yun?”

211 Sabi ko, “Nakatitiyak po ako. Sinabi ni Abraham na Iyon ang Diyos. Nakipag-usap siya sa Kanya; kaya nalalaman niya ’yun.” Oo.

212 “Oh,” sabi niya, “ang ibig mo bang sabihin ay Diyos ’yun na humimpil doon na kumakain ng laman ng baka, at—at umiinom ng gatas na galing sa baka, at kumakain ng tinapay na gawa sa giniling na mais, kung ano pa man ’yung tawag n’yo sa mga naroon?”

213 Sabi ko, “Ganoon nga ang ginawa Niya. Hayan nga’t, di mo napagkikilala ang ating Diyos.” Buweno, hayan po, magagawa nga Niya na . . . Hayan nga’t, kukuha lang Siya doon . . .

214 Tayo nga’y binubuo ng labing-anim na elemento; petrolyo, kosmikong liwanag, at potash, at calcium, at kung anu-ano pa, labing-anim na mga elemento. Dinakot niya ang mga ’yun, at hiningahan ’yun, at naglakad mismo sa lupa. Galak na galak nga ako na Siya’y ganoong klaseng Ama. Gayong sirain man ng mga uod ang katawan na ito, hayan nga’t tatawagin Niya kayo. Ipinangako Niya na gagawin Niya ’yan. Siya ang Elohim. Heto nga na kumuha pa ng sandakot, at nagsabi, “Pumasok ka rito, Woodworm,” o kung sino man, na mga Anghel, “at magpunta roon. Halikayo at tanawin ang Sodoma, tingnan kung ano ang kaganapan doon.”

215 At si Abraham, pagkatapos ng kapahayagan, nakita niya ’yun at napagkilala niya na ’yun ang nag-iisang Diyos. At nakita niya ’yun, at sabi niya, “Aking Panginoon, humimpil Ka muna, maupo, hayaan Mong hugasan ko ang Iyong mga paa.” Ngayon, di nga niya sinabi, “panginoon . . .” At, masdan, ’yun nga’y—’yun nga’y malaki ang pagkakasulat dun. Alam ’yan ng lahat. Heto nga ang Emphatic Diaglott ko. Kita n’yo, ito nga’y malaking letra na P-a-n-g-i-n-o-o-n, “Panginoon,” Elohim, Siya na may Buong Kasapatan. Sabi, “Hayaan Mong magsalok ako ng kaunting tubig at hugasan ang Iyong mga paa, at bigyan Ka ng sansubong tinapay, at pagkatapos ay makayayao Ka na sa Iyong pupuntahan.”

216 Naku, napapahaba na yata ako. Bibilisan ko na. Gusto ko—gusto ko lang talakayin pa ito, at di ko alam kung kailan ako matatapos. Pagtiisan n’yo lang ako nang kaunti pa, maaari po ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

217 Pansinin, si Elohim, Siya na may Buong Kasapatan, Diyos. At sabi Niya . . . Pansinin n’yo ’yung ginawa Niya.

218 Ngayon, 'yung dalawa sa Kanila ay nagsimula't, tumanaw sila nang maigi sa—sa direksyon ng Sodoma.

219 At haya't ang sabi Niya, "Sa tingin mo ba'y ililihim Ko ito kay Abraham?" Wala nga Siyang ibang gagawin kundi ihayag Niya ito sa Kanyang mga propeta. Kita n'yo, ipinabatid Niya ito sa kanila. Haya't ang sabi Niya, "Di Ko ito itatago, yamang nakikita na siya'y—siya'y pinagpala ng Diyos at kanya ngang mamanahin ang lupa, at iba pa. Ang binhi niya'y magiging, heto nga, magiging ama ng maraming bansa. Di Ko ito itatago sa Kanya. Ipabatid Ko ito sa kanya." At kaya nagsalita na Siya, sinimulang ihayag 'yun sa kanya.

220 Tapos ang sabi Niya, "Abraham," di po Abram. "Abraham, nasaan ang iyong asawang, si S-a-r-a-h?" Papaano Niya 'yun nalaman? Buweno, isang araw bago 'yun, siya nga'y Abram pa, isang araw o dalawa bago 'yun. At 'yung asawa nama'y Sarai, at ngayon siya nga'y Sarah na. At siya si Abraham. Sabi, "Abraham, nasaan ang iyong asawa, na si Sarah?"

Sabi ni Abraham, "Nandiyan siya sa loob ng tolda, sa likod Mo."

221 Sabi Niya, "Dadalawin Kita ayon sa tamang panahon ng buhay. At itong anak na lalaki na ipinangako, ay napipinto na siyang dumating sa eksena ngayon. Mapapasainyo na ito."

222 At si Sarah nga, sa loob-loob niya, para bang natawa siya, ang sabi, "Ako na matanda na, at heto't magkakaroon uli ng kasiyahan sa aking asawa, at siya'y matanda na rin?" Parang ganun, haya't, mangyaring siya'y—siya'y siyamnapu na, at siya nama'y sandaang taon na. "At kaya ngayon magagawa ko pa kaya uli 'yun?"

223 At 'yung Anghel, mensahero, Diyos sa katawang-tao, ang sabi, "Bakit siya tumawa?"

224 Hayun nga ang pagpapatunay. Bakit? Nakita nga roon na 'yung kapahayagan ay tama mismo. Ipinakita nga dun na 'yung pagtawag niya sa Kanya, na Elohim, ay tama. Dahil, Siya ang Salita. Yun ang. . . Sa Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, sa ika-12 talata, ang sabi, "Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at kumikilala ng mga pag-iisip at hangarin ng puso." At nung masaksihan ni Abraham ito, nakumpirma niya na matatawag niya Siyang, "Elohim." Si Elohim, Siya ang Salita, "Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

225 Pansinin nung si Jesus, ang maharlikang Binhi ni Abraham, ay dumating sa eksena, inihayag Niya ang Kanyang sarili sa natural na binhi ni Abraham, sa siya ring tanda na 'yun. At tinawag nila Siyang "Beelzebub." Binulag sila nun, ang mga di mananampalataya, binulag sila at ibinunsod sila na mamusong, at hinatid sila nun na mapunta ng impiyerno. Pero paningin na

Walang Hanggan ang hatid nito sa mga mananampalataya, na mga itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan.

<sup>226</sup> Pansinin, ipinangako ni Jesus na . . . sa huling mga araw, bago lamang ang pagparito ng Anak ng tao, na Siya’y darating at ihahayag ang Kanyang Sarili, sa mga panahon na ang Anak ng tao ay mahayag, haya’t ang maharlikang Binhi ni Abraham ay makikita ang siya ring tanda na ito. Ngayon pansinin, nung sabihin Niya, diyan nga sa—diyan sa San Lucas 17:28 at 30, “At kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma.” Ngayon, si Jesus ang nagsabi nito. Hindi po ako. Kanyang . . . haya’t ako lamang ay may responsibilidad na sabihin ito, sabihin kung ano mismo ang sinabi Niya. Pero, haya’t sinabi ito ni Jesus, “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin sa pagparito, pagparito ng Anak ng tao,” ngayon pansinin, “sa mga araw na ang Anak ng tao ay inihahayag, sa panahon na ang Anak ng tao ay inihahayag sa Kanyang Iglesya.”

<sup>227</sup> Gaya kay Abraham. Heto ang Diyos, Siya nga’y bumababa sa tuwina; pinagtibay ang tipan, napagkilala kung Sino Siya, at ang pangalan niya ay binago. Pansinin, nabago ’yun bago Siya sumampa roon sa burol, habang nakatanaw sa Sodoma, bago dumating ang ipinangakong Anak.

<sup>228</sup> Yun mismong eksena na ’yun ang sinabi ni Jesus. Binabasa ni Jesus ang siya ring Biblia na binabasa ko at binabasa n’yo. Kung gusto n’yong malaman kung ano ’yun, bumaling kayo roon at tingnan n’yo kung ano ang ginagawa ng mga tao noong mga araw ng Sodoma. Pansinin, hindi ba’t ganoon na ganoon ito sa mga araw ni Noe (Binanggit Niya roon ang moralidad nila, kung papaanong nagsisikain sila, nagsisiinom, nakikipag-asawa, ipinakikipag-asawa), ganoon sa Sodoma.

<sup>229</sup> Ngayon “di na muli sa baha,” ipinangako ’yun ng Diyos sa pamamagitan ng tanda ng bahaghari. Sa tuwina’y nagbibigay Siya ng mga tanda. Yaong bahaghari. . . Sa tuwina’y naaalala Niya ang Kanyang mga tanda. Haya’t tapat lagi sa mga taon na ito na nagdaan, di pumapalya na ibigay ang tanda na ’yun ng bahaghari. Ibinibigay Niya sa tuwina ang Kanyang mga tanda. Pansinin.

<sup>230</sup> At sa tanda na ’yun, ipinangako Niya na di na wawasakin ang mundo na “di na muli sa baha,” pero sinabi Niya na ’yun nga’y “matutupok.” At pansinin n’yo si Jesus dito na sinasabi, “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma,” ang daigdig ng mga Gentil ay wawasakin. Mga Sodomita!

<sup>231</sup> Ngayon tingnan n’yo ang moralidad ng mga bansa. Tingnan n’yo ang moralidad ng iglesya, kagayang-kagaya ni Lot. Sige’t tingnan n’yo kung sino ’yun na naroon sa kanila: isang lalaki, G-r-a-h-a-m, na sinusuway na sila, na mga pulitiko, sa iglesya sa natural. Ngayon sa iglesya sa espirituwal. . .

<sup>232</sup> May tatlong klase mismo ng tao sa tuwina. Yun nga'y, ang mananampalataya, ang di-mananampalataya, at ang kunwang mananampalataya. Laging may ganoon sa bawat grupo. Kung nararamdaman n'yo lang 'yung hirap na nararamdaman ko, alam n'yo na narito 'yung mga ganyan sa gabing ito ngayon. Kaya, heto, inyong . . . at itong tatlo mismo. Pansinin, hayan po, laging nariyan 'yang tatlong klase na 'yan saan man.

<sup>233</sup> Ngayon kung makikita n'yo lang sana na magiging ganoon din ito kapag ang Anak ng tao ay ihahayag na sa maharlikang Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ni Cristo (si Cristo ang Maharlikang Binhi), sa panahon na Siya'y ihahayag sa huling mga araw. Ngayon, sa pagkakaposisyon, hayan mismo na nakapuwesto na ang mundo, dahil ang Anak na sumisikat sa Silangan ay lulubog sa Kanluran. "At 'yun ay isang mapanglaw na araw," dahil dito sa binuong mga organisasyon, mga denominasyon, "pero Magliliwanag sa oras ng gabi," sabi ng propeta Jeremias. Ngayon, at sa mga araw na 'yan na ang Anak, na Ito nga'y lilitaw sa likod ng mga ulap ng denominasyon, para ihayag ang Kanyang Sarili, sinabi Niya na ang mundo ay nasa kondisyon na katulad ng mga araw ng Sodoma, at ihahayag ng Anak ng tao muli ang Kanyang Sarili sa Kanyang bayan. Tingnan n'yo 'yung paraan na inihayag Niya 'yun sa binhi ni Isaac; tingnan n'yo kung paano Niya ihahayag 'yun sa maharlikang Binhi, sa Maharlikang Nobya, sa Reyna. Ang Reyna ang maharlikang Binhi.

<sup>234</sup> Kung papaanong inilabas ng Diyos ang isang bansa mula sa isang bansa, sa Egipto, Kanyang ilalabas ang isang Iglesya mula sa isang iglesya, o ang Nobya palabas ng iglesya; Iglesya palabas ng iglesya. At ang nalalabi sa Binhi ng babae, na mga naiwan, "Magkakaroon ng pagtatangis at pagpalahaw at pangangalit ng ngipin, dahil ang kanilang mga ilawan ay wala ngang Langis, Espiritu Santo," 'yun ang nirerepresenta nun sa tuwina. Hayan nga sila.

<sup>235</sup> Naka posisyon na mismo. At ngayon haya't tumanaw sa burol. Ngayon, ang Iglesya, si Abraham; si Lot; mga Sodomita. Ang sanlibutan; ang iglesya; ang Hirang. Ang Iglesya, ang Nobya, na lumabas ng iglesya. Naka posisyon na mismo tayo ngayon. Ang mundo nga'y saktong-sakto na ang kondisyon.

<sup>236</sup> Kabaluktutan! Ang lahat ay baluktot na. Haya't, sasabihin ko sa inyo, ang lahat ay hybrid na. Kanilang . . .

<sup>237</sup> May pinuntahan ako, nakakita ako ng malaking karatula, "Hybrid na mais." Aba't, di nga 'yun magdudulot ng kung ano na maganda. Hindi nga. Dapat nga'y mapabalikwas kayo na mga ateista nun pabalik. Yamang sinabi ng Diyos, "Ang bawat binhi ay mamunga ayon sa uri nito." At magagawa n'yo ngang gawing hybrid ang mais at gawin 'yung mais na mainam ang itsura, pero di n'yo nga 'yun maitatanim uli; wala 'yung buhay.

238 At 'yun ang ginawa natin sa iglesia. Ginagawa natin itong kabigha-bighani, at napapalamutian ng maka-denominasyong palara, pero wala namang Buhay dito. Di nito kayang ibunga ang katunayan ng Biblia muli. Kita n'yo? Di kayang ipamunga ang katunayan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Napaging hybrid ang kalakaran.

239 Mas magaganda manamit ang mga tao, mas malalaki ang ibinabayad, mas malalaking denominasyon, mas mayayaman, na ganap na Kapanahunan ng Laodicea, mismo. "Mayaman, di nangangailangan ng anumang, di nalalaman na kayo'y kahabag-habag, aba, bulag, at maralita, at hubad, at di 'yun nalalaman." Kung maaaring malaman ng isang tao na siya'y hubad, puwede n'yong ipaunawa 'yun sa kanya. Pero kung di niya alam, 'yun nga'y kalunus-lunos na estado, kahabag-habag. Kaya huwag n'yong libakin ang mga tao, bagkus mahabag kayo. Ano kaya kung kayo 'yun sa ganoong kalagayan? Ano kaya kung ang Salita ay di nahayag sa inyo, anong gagawin n'yo? Ano pa ang aasahan, kung 'yang mga mata mo'y ganoo na lamang kabulag na di mo Ito nalalaman? Kalunus-lunos ngang tingnan.

240 At saktong-sakto mismo, sa pagkakaposisyon. Di nga kayo makatuturo ng daliri rito; hayan nga na saktong-sakto, gaya mismo ng sinabi Niya na mangyayari. "Ang mga tandang ito ay makikita sa huling mga araw." Nakikita n'yo ba kung nasaan na ito, nang saktong-sakto.

241 Ngayon masdan, pagha-hybrid. Alam n'yo, sige't kunin ko lang na halimbawa . . . Kumuha kayo, ng sabihin na lang natin na kukuha kayo ng—ng—ng—ng asno, at palalahian ito sa isang kabayo, sa isang inahing kabayo, ang ibig kong sabihin, at ano ang kalalabasan n'yo? Isang mola nga. Pero ang mola ay di nito kayang magpalahi muli. Kita n'yo? Sinabi ng Diyos, "Ang bawat binhi ay mamumunga ayon sa uri nito." Ngayon saan n'yo nakuha ang ideya n'yo patungkol sa ebolusyon? Yang sarili n'yong panukala'y taliwas sa sinasabi n'yo na pinaniniwalaan n'yo. Sinabi ng Diyos, "Ang bawat binhi ay mamumunga ayon sa uri nito." Hindi nga 'yun maaaring magpalahi. Hindi, hindi. Tapos na siya roon.

242 At sa palagay ko nga ang mola ang—ang pinaka mangmang na bagay na nakita ko kahit kailan. Di n'yo siya magagawang turuan ng kahit na ano. Mauupo siya roon na ang mga tainga ay malaki't pahaba, alam n'yo, at maglulumagi lang siya dun hanggang sa pinaka huling minuto para tadyakan ka, bago siya mamatay. Kanya lang . . .

243 Di n'yo magagawang turuan siya ng kahit na ano. Haya't naaalala ko dun . . . Mauupo siya roon, at sabihan n'yo man siya na gawin ang mga bagay-bagay, naiisip ko tuloy ang ilang tao, na mga nag-aangkin na mga mananampalataya raw sila ng panahon na ito. Malaki't pahaba ang tainga, mauupo roon, at, "Ang mga araw ng himala ay lipas na. Haw! Haw! Haw!" Wala

siyang kamuwang-muwang kung saan siya nanggaling. Wala siyang nalalaman na kahit na ano tungkol Dito. Ang alam lang niya ay kung anong kredo ng iglesya.

<sup>244</sup> Pero sasabihin ko nga sa inyo, abot-abot ang respeto ko sa isang kabayo na puro ang lahi. Naku, masasabi niya sa inyo kung ano ang angkan niya. Masasabi niya sa inyo kung sino ang tatay niya, sino ang nanay niya, sino ang lola niya, sino ang lolo niya. Siya kasi'y puro ang angkan.

<sup>245</sup> Ganoon din ito sa mga purong Cristiano, haya't magagawa niyang tugaygayin 'yun pabalik sa Aklat ng Mga Gawa at tingnan kung saan sila nagmula, isang purong Cristiano, ipinanganak sa siya ring Espiritu, sa siya ring bagay, kumikilos sa siya ring paraan.

<sup>246</sup> Na 'yun din ang mga taga-usig; na mga asno't mga kabayo na sa iisa magkasamang kumakain. Siyanga. Hayan nga. Dapat n'yo nga itong maunawaan, siyanga. Ito'y panahon ng pagka-hybrid.

<sup>247</sup> Nakita ko sa isang artikulo sa *Reader's Digest*, hindi pa katagalan, "Araw-araw na pinapakain ang mga kababaihan ng hybrid na karne at—at kung anu-ano, di tuloy sila magkaanak. May nagiging pagbabago sa kanila. Lumalaki sila sa bandang balikat, at lumiliit ang balakang." Aba, hayan nga't, alam n'yo nga ang tao na lagi niyang winawasak ang kanyang sarili dahil sa sibilisasyon.

<sup>248</sup> Manumbalik kayo sa Diyos! Manampalataya kayo sa Diyos. Manumbalik kayo sa orihinal na Binhi. Manumbalik kayo at sampalatayanan Ito. Nabasa n'yo na ang tey- . . . may kopya na kayo nung mga teyp ko, ang ibig kong sabihin, na sa palagay ko ay napakinggan n'yo na, itong: *Ang Orihinal Na Binhi*, at *Ang Punongkahoy Na Nobya*, at iba pa, na katotohanan. Batid 'yan ng Panginoon.

<sup>249</sup> Haya't kung papaanong ang mga bagay na 'yun ay pauna nang nasabi na, buwan at buwan bago pa. Sa inyo na ngayon pa lang dito, itong nakikita n'yo rito, ito'y maliit na bahagi pa lang, na nakikita n'yo na nagaganap. Tanungin n'yo ang mga matatagal na, tanungin n'yo sila kung may minsan ba na ito'y nabigo. Haya't paunang nagsasabi patungkol sa mga tao, mga lindol, mga bagay-bagay na napipintong mangyari. Sinasabi na mismo sa atin ng Espiritu Santo. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."] May patungkol pa nga minsan sa isang lalaki na . . . Siyanga. At patungkol sa iba pang mga tao.

<sup>250</sup> Katulad na lang nitong si Marilyn Monroe, bago pa siya mamatay. Sinasabi nila na nagpakamatay raw siya. Hindi niya 'yun ginawa. Namatay siya dahil sa atake sa puso. Ganoon nga.

<sup>251</sup> Yaong lalaki, na isang mandirigma. Yaong Maginot Line sa Alemanya. Lahat ng mga bagay na 'yun, hayan nga't libo-libo mismong mga bagay, na sadyang saktong-sakto hanggang sa pinaka tuldok, sa tuwina. Di nga 'yun maaaring kung ano pa na

ibang bagay kundi ang Espiritu Santo mismo. Kita n'yo? Kita n'yo? Kanya 'yung ipinangako.

<sup>252</sup> Nagbigay siya ng pitong bagay noong 1933, na mga bagay na magaganap. At ngayon bawat isa sa mga 'yan ay nangyari na maliban sa dalawa pang bagay, nang saktong-sakto, sadya ngang eksakto. Maging 'yung pagkaluklok kay Pangulong Kennedy. Naroon nga 'yun sa mga aklat ko ngayon, sinabi ko na 'yun tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan, saktong-sakto. Kung papaanong itatayo 'yung Maginot Line, labing-isang taon bago 'yun naitawag. Kung papaanong si Hitler ay lilitaw, at—at ang Pasismo, at—at Nazismo, at ang lahat na 'yan ay maglalakip sa komunismo, at wawasakin ng komunismo ang Katolisismo. At mangyayari 'yan, oo, anupamang gawin nila. At naipakita rin, na ang sabi'y magkakaroon ng Konsehong Ekumenikal, at kung paanong ang lahat ng mga kaiglesyahan ay maglalakip-lakip at bubuuin 'yung larawan na tinatawag na Tatak ng Hayop. Makikita n'yo nga sila na patungo na roon, sa mismong sandali na ito. Ganoon na ganoon po. Mangyayari't mangyayari ito, dahil di ito kailanman nabibigo.

<sup>253</sup> Sinuman na nakaalam dito, sinuman, saanman dalhin sa palibot ng mundo, di nga ito nabigo ni isang beses. Mga buwan at mga taon bago pa man, talagang saktong-sakto hanggang sa pinaka tuldok. Ang Diyos nga ito na nasa kalagitnaan n'yo, mga kapatid; ang Diyos na sumasa atin, ang Espiritu Santo. Pansinin n'yo, sinabi ni Jesus na yaong maharlikang Binhi ay makikilala ng siya ring parehong bagay, dito sa Lucas sa ika-17 kabanata. “Oh, magsibalik na, o mga nangalat, mula sa inyong mga denominasyon, pabalik sa sarili ninyong bayan.”

<sup>254</sup> Sinuman sa atin ay makasampalataya sa Diyos. . . Kung kayo'y sasampalataya sa Diyos, batid n'yo nga na ang Diyos ay nagpapagaling ng mga may sakit. Walang pag-aalinlangan dun. Hayan nga't, kung di n'yo 'yan paniniwalaan. . . Alam n'yo, ang sabi nga nila noon sa panahong 'yun, “Si Jehovah, alam namin na kaya Niyang magpagaling, pero di Niya kayang magligtas.” Pero ngayon, “Kaya Niyang magligtas, pero di Niya kayang magpagaling.” Kita n'yo, ang siya ring diyablo 'yan, siya ring 'yun noon. Mangyaring Siya ay parehong Tagapagligtas at tagapagpagaling. Siya ay Jehovah-Jireh at Jehovah-Rapha.

<sup>255</sup> Oh, magsibalik na! Alalahanin n'yo, ipinangako Niya ang katayuang ito, na ang lahat ng mga bagay ay nakaposisyon na sa kung papaano ito ngayon, na kung ano ang mangyayari mismo. Sinabi Niya na ito'y mangyayari, at narapat lang na ito'y mangyari.

<sup>256</sup> Mga kaibigan, pasensya na po. Napatagal ko kayo. Sige't atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali, ako lamang ay. . . Tatapusin ko ito, marahil, bukas ng gabi. May mga anim pa akong pahina ng mga tala rito. Iyuko n'yo na ang inyong mga ulo pansumandali. Magpitagan lamang, ang bawat isa.

257 Marahil di kayo sang-ayon sa akin; may karapatan naman kayo na gawin 'yan. Ako man ay may karapatan na ilahad lang kung ano ang iniisip ko. Narito sa akin ang Kasulatan. Ngayon, di nga mahalaga anuman ang sabihin ko, dahil kung di naman ito pagtitibayin ng Diyos, na anupa't ang Urim Thummim ay di gagana, kung ganun ito'y isasantabi. Kahit gaano pang kainam pakinggan, gaano pang katotoo kung pakikinggan, kailangan na maipakita 'yun sa Urim Thummim. Ang binhi ay narapat lamang na mag-usbong ng buhay. Kung di ito mag-usbong, ay di ito totoo.

258 Ngayon, sa dako naman ng pagpapagaling, sinasabi ko na ito sa inyo noon pa man na di ako tagapagpagaling. Napaka rami riyang na inaangkin nila na mga tagapagpagaling daw sila. Tapos hayang din na napaka raming mga—mga kritiko na sila na mismo ang nagbabansag dun sa tao na tagapagpagaling, na, ginagawa lang nila 'yun para manlibak. Ang puso nila ay di wasto sa Diyos. Kita n'yo? Sinumang tao ay nalalaman na wala ngang kahit sinong tao ang kayang magpagaling ng sino man. Diyos ang nagpapagaling ng karamdaman. Hayang nga na kung tatawagin ka na talaga ng Diyos sa iyong kamatayan, haya't kahit na ano pang panalangin ang gustuhin mo, at bigyan ka pa ng ospital ng iniksyon ng gamot araw-araw, mamamatay at mamamatay ka talaga.

259 Kung hiwain ko man ang kamay ko sa gabing ito, at tatayo ako rito na hiwa ang kamay, wala ngang gamot sa mundo na kayang magpagaling sa kamay ko. Wala nga tayong gamot na nakakapagpagaling. Walang gamot ang kayang magpagaling. Sinumang doktor ay sasabihin 'yan sa inyo. Ang ginagawa lang nito ay maglinis habang ang Diyos ang nagpapagaling. Di nito kayang magbuo ng tisyu. Hiwain ko man ang kamay ko, at, "Oh," sasabihin n'yo, "siyanga, Kapatid na Branham, mayroon ngang gamot na kayang magpagaling diyan." Buweno, gusto ko pong malaman kung anong gamot 'yun.

260 May ipapakita lang ako sa inyo rito. Halimbawang hiwain ko ang kamay ko at bubulagta ako sa lupa't mamamatay, tapos may doktor na paparito at magi-embalsamo sa katawan ko at aayusin ako na magmukhang sariwa nang limampung taon. Tatahiin ang kamay ko, at dadalhin ako roon at tuturuan ako ng penicillin, araw-araw, at sa loob ng limampung taon mula ngayon haya't 'yung hiwa na 'yun ay magiging ganon pa rin nung ito nga'y hiwain. Kung—kung ang gamot ay ginawa para pagalingin 'yung hiwa, bakit di nun 'yun napagaling? Kung may gamot ngang ganyan na magpapagaling sa hiwa sa kamay ko, ay dapat magpapagaling din 'yun sa hiwa sa lamesang ito, magpapagaling sa hiwa sa amerikana ko. Kung kaya nga nitong magpagaling ng hiwa, mapapagaling at mapapagaling sana nito ang hiwa saan man ito naroon. "Buweno," sasabihin n'yo, "haya't, ginawa ang gamot para sa mga tao." Pero kung



ganoon bakit di pa rin 'yun nagpapagaling? “Buweno,” sasabihin n'yo, “lumisan na kasi 'yung buhay mula sa iyo.” Kung ganoon ay may kung anong bagay maliban sa gamot na may kakayahang magpagaling.

<sup>261</sup> Ang buhay po, siyanga, at ang buhay ay Diyos. Tunay nga, ganoon po. Gayong, may ilan na mga makasalanan, na 'yung naroon sa kanila ay binaluktot, pero sa kabila n'yan ay kayo'y nasa larawan ng Diyos. At 'yang buhay na 'yan na taglay n'yo ay bigay sa inyo ng Diyos. Alam n'yo 'yan; hayan nga, dahil ang Diyos ay tagapagpagaling. Ang buhay ang tagapagpagaling. Inyo ngang sampalatayanan 'yan, kita n'yo. Napakarami nang bagay ang ginawa't pinamalas!

<sup>262</sup> Ngayon atin lamang Siyang tanggapin, magagawa n'yo ba? Bago natin gawin 'yan, iniisip ko kung ilan sa mga narito ang kumbinsido, bago . . . Kayo man ay mga baguhan na dumalo rito, na di pa ito nakikita noon, pero haya't nananampalataya kayo na Siya ang Anak ng Diyos? At sa pamamagitan nito, sa Mensaheng ito ngayong gabi, ang Salita mismo, bago Siya kumilos, na heto kayo na sinasampalatayanan Ito, at nagnanais kayo na alalahanin ko kayo sa panalangin, sige't itaas n'yo ang inyong kamay. Inyo po bang magagawa? Oh! Pagpalain kayo ng Diyos. Oh, grabe! May tatlo o apatnaraang mga kamay. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>263</sup> “Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita.” Ang dahilan kung bakit ko sinabi 'yan, ay dahil ang Binhi ay makasusumpong ng kainaman sa Diyos. Kaya iniisip ko ngayon, sa halip na—na tatawag lang ng pila para sa pananalangin dito, sasabihin kong kayo nga mismo'y manalangin.

<sup>264</sup> Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng Kasulatan, unang-una. Dito sa bagay na gagawin natin, kinakailangan na batay ito sa Kasulatan. Kinakailangan na batay talaga sa Kasulatan! Ang Diyos nga'y walang ibang kikilalanin. Di kumikilala ang Diyos sa isang kasinungalingan; alam n'yo 'yan. Di n'yo maiuugnay 'yun sa Kanya. Di Niya kinikilala ang mga kasinungalingan. Ang Kanyang Salita lamang ang Kanyang kinikilala. Pero ipinangako nga Niya, na, “Ang Aking Salita ay di babalik sa Akin nang walang bunga. Gaganapin at gaganapin Nito ang layon na iniatang Dito.” At nakikita na natin ang Salita na inilaan para sa panahong ito. Kahit na gaano pang kawalan ng pananampalataya ang umusbong sa kamento, kikilalanin at kikilalanin ng Diyos ang Kanyang Salita sa tuwing Siya'y makasusumpong ng pananampalataya para kilalanin Ito.

<sup>265</sup> Ngayon saanman kayo sa gusali, gusto kong bumaling kayo sa Kasulatan na ito. Sa Mga Hebreo ika-3 kabanata, sa palagay ko. Sinabi ng Biblia, na, “Siya'y Dakilang Saserdote, sa oras na ito, na mahihipo't mahahabag sa ating mga kahinaan.”

266 At sa inyo riyan na nagsipagtaas ng kanilang kamay, gusto ko na kayo, habang malapit nang magtapos ang gawain na ito rito, gusto kong pumarito kayo at tumayo sa palibot dito at nang kayo'y maipanalangin, tanggapin n'yo po si Cristo bilang Tagapagligtas n'yo. Dumalo kayo sa kahit saang mainam na iglesya sa dako rito. Saanman 'yan, sa sinuman na nangangaral ng Ebanghelyo, kayo po'y pumaroon sa kanila at humiling po ng Cristianong pagbabautismo. At aalalayan na kayo ng pastor mula roon. Siya nga'y lingkod ng Diyos. Tinawag siya para maging lingkod ng Diyos, kanyang—kanyang aalalayan kayo mula riyan. Sige lang po, kung ako ang taga-rito sa siyudad na ito, sisikapin ko na makadako sa mga iglesyang ito rito. Pupuntahan ko sila, sila na mga nananampalataya sa Ebanghelyo. Pupunta ako. Tunay nga, ikauugnay ko ang sarili ko sa kanila, dahil 'yun mismo ang kinakailangan n'yong gawin. At 'yun ang kinakailangan n'yong gawin.

267 Ngayon, kung Siya ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan, na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kung ganoon ay kikilos nga Siya ng siya ring ikinilos Niya kahapon.

268 Ngayon masdan, may munting babae na humipo sa damit Niya, minsan, at bumaling Siya at napagkilala 'yung bagay na taglay ng babae, at sinabi sa babae na ang pananampalataya niya ang nagligtas sa kanya. At naramdaman niya, sa loob niya mismo; di niya kailangang magpakahirap para ano kaya't subukin muna 'yun. Di niya kailangang subukin muna 'yun.

269 Di n'yo kailangang subukin muna kung anong mangyayari. Sampalatayanan n'yo ang Diyos. Kita n'yo? Di n'yo sinusubok ang Diyos, ano't anuman. Di n'yo nga gagawin na subok lang muna, para ilitas ang inyong buhay, para patunayan na may Diyos, haya't magtutungo nga kayo roon at magsasabi, "Sige't gusto ko Siyang makita." Kita n'yo, kinakailangan n'yo lang na sampalatayanan Siya.

270 Ang buong kagayakan ng Diyos ay sobrenatural. Pag-ibig, kagalakan, pananampalataya, pagtitiyaga, pagtitiis, kaamuan, kita n'yo, ang lahat ay sobrenatural. Ang tinitingnan natin dito ay mga bagay na di n'yo makikita ng natural na mata.

271 At narito po si Cristo sa gabing ito. Ipinangako Niya ito. "Na sa dalawa o tatlo na nagkakatipon sa Aking Pangalan, Ako ay naroon sa kalagitnaan nila. Naroon Ako!" Ang "Ako" muli, Siya ay narito. Ngayon, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

272 Manalangin kayo, at sabihin n'yo, "Panginoong Jesus, ako po'y may sakit," o kung ano man 'yan na may pangangailangan kayo. "Ako—ako po'y nangangailangan, at ninanais—ninanais Kita, minamahal na Diyos, na kahabagan ako, at pagalingin ako at paigihin ang lagay ko. At ngayon kung sapat lamang

ang pananampalataya ko, Panginoon, para hipuin Ka. . . Alam ko—alam ko na di ako nakikilala ni Kapatid na Branham. Isa akong di kakilala. At alam ko na di niya ako kilala. Ngayon kung—kung ang lalaking 'yan ay Katotohanan ang sinabi niya, na ako po'y naniniwala na ganoon nga, dahil ito'y nanggaling mismo sa Iyong Salita. Nabasa ko po Ito, nakita ko na Ito'y sadyang ganap na totoo. Ngayon Iyo pong pagtibayin. Inaangkin ko na isa po akong Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ni Cristo, inaangkin ko na ako'y maharlikang Binhi, nananampalataya kay Jesus Cristo, ang Maharlikang Binhi. At nananampalataya ako na ako'y bahagi ng Kanyang Nobya, Kanyang Iglesya na Kanyang daratnan. At ako po'y may sakit at nangangailangan. Kung maaari po, Panginoong Jesus, mahipo ko nawa ang Iyong damit. At pag- . . . at pagtibayin ito sa akin sa pamamagitan ng pagsasalita sa pamamagitan ni Kapatid na Branham, gaya ng ipinangako Niya na 'kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma.' Hayan po't ang aking . . . ibunsod na masabi niya sa akin ang iniisip ko, ipinapanalangin ko, kung anong inaasam ko, kung anong mga kailangan ko, anumang bagay tungkol sa akin." Iyo pong ibunsod 'yun, sadyang ibunsod.

273 Makalangit na Ama, ngayon ang lahat po'y nakaatang na sa Iyong mga kamay. Ngayon ito na ang lahat ng magagawa ko, o ng sinumang tao, ang sabihin nga mismo ang sinabi Mo *Rito*, na Katotohanan. Ngayon pagtibayin Mo po ito, Panginoon, na ito ay Katotohanan. Akin nang naisaysay Ka. Ikaw po'y mangusap na ang aking isinaysay ay Katotohanan. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

274 Ninanais ko na kayo'y—kayo'y manampalataya lang, sige't manampalataya lang. Ngayon wala po sanang magpagala-gala sa paligid. Maupo lamang nang may pagpipitagan. Gusto ko pong isipin n'yo na nakatayo rito sa harapan n'yo, dito sa dako rito, si Cristo, na nagbangon mula sa patay; tumagos sa mga dingding isang beses, kumain ng tinapay, nagsabi, "Hipuin n'yo Ako, Ako'y laman at buto," at naglaho sa harapan nila. Ngayon Kanyang—Kanyang ipinangako na Siya'y lilitaw sa huling mga araw, sa anyo ng laman ng tao muli, sa laman n'yong 'yan, gaya ng ginawa Niya noon nung mga araw ng Sodoma. Ang Diyos, na si Cristo, nahayag sa laman, ngayon ay nasa Iglesya Niya, sa Nobya Niya. Kita n'yo, sila nga'y naglalakip-lakip na ngayon. Panahon na ng paglalakip-lakip. Ang mga kaiglesyahan ay naglalakip-lakip, nagkakaisa na ang mga bansa, at ang Nobya at si Cristo ay nag-iisa na. Kita n'yo, panahon na ng paglalakip.

275 Ngayon sampalatayanan lamang, madali lang. Huwag po kayong kabahan at pipilitin 'yun, dahil di n'yo matatanggap. Simple—simple lang na sabihin nang may pagpapakumbaba, "Panginoon, nananampalataya po ako." Sige po't gawin n'yo. At ngayon aking . . .

276 Haya't ilan po sa mga nakaupo rito sa harap ko, lalong-lalo na. . . Ngayon, kilala ko ang isang lalaking ito *rito*, at ang ilan pa *rito*. May ilan din akong kakilala na nakaupo *rito*. Dito kaya sa gawi *rito*, dito sa harapan ko? Sige't ituon natin ang ating pansin sa munting grupo na narito sa dako *rito*. Ilan po kaya rito ang di pa nasasaksihan si Cristo na ipinakikilala ang Sarili Niya nang ganoon, sa. . . Patingin po ng kamay n'yo, "Di pa ito nasasaksihan." Sa palagay ko ay nakasaksi na ang lahat. Sige.

277 Manalangin kayo ngayon. Ngayon tumaimtim lamang po. Di ko alam kung kikilos Siya. Di ko masasabi. Siya ang may pasya rito. Magagawa ba nito na manampalataya kayo, nang talagang matatag? Naririnig 'yan ng Panginoon. Batid Niya ang lahat ng mga bagay.

278 Ang lalaki pong nakaupo rito, pinahihirapan siya ng luslos. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang luslos na 'yan? Nananampalataya ka? Estranghero tayo sa isa't isa, sa tingin ko, ikaw at ako. Di kita kakilala. Hindi pa kita nakikita kahit kailan. Pero kung 'yan ang ipinapanalangin mo, itaas mo ang iyong kamay. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay, itong lalaki na nakaupo. . .

279 Naniniwala ka ba na—naniniwala ka ba na nung si Andres ay inanyayahan si Simon na pumaroon para tingnan dahil natagpuan na nila ang Mesiyas, at nung siya'y pumaroon sa Presensya ng Panginoong Jesus? Hayan ka nga na umuugnay ka sa isang Bagay ngayon, sa iyong pananalangin. Kita mo, sinabi Niya sa kanya kung sino siya. Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos sa sabihin sa akin kung sino ka? Kung iyo ngang sasampalatayanan, gagawin Niya. Mapapalakas ba nun ang loob mo na manampalataya nang buong puso mo? Ganoon din ba ang ilan pa sa inyo na mga nariyan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

280 Ngayon itinataas ng lalaki ang kanyang mga kamay, kung ano man ang sinabi sa kanya. . . Di ko alam; pakikinggan ko uli ang teyp, kita n'yo. Anuman 'yun, ay tama 'yun. Tama po ba, ginoo? [Sinabi ng kapatid na lalaki, "Amen."—Pat.] Sige po. Anuman 'yun, iyon ay tama.

G. Shepherd, manampalataya ka nang buong puso mo. "Kung makasampalataya ka."

281 Ngayon ganoon na ganoon mismo ang sinabi Niya, "Ang pangalan mo'y Simon, anak ni Jonas." Ngayon kung kayo lang ay makasampalataya, 'yun lang ang dapat gawin. Kita n'yo? Ngayon ano 'yun? Ipinangako Niya 'yun. Ibinigay Niya ang pangako na 'yun. Ipinapakita nga n'yan na Siya'y narito. Hindi lang dito sa akin; bagkus Siya'y nasa inyo rin. Siya ay nasa Kanyang Katawan ng mga mananampalataya.

282 Munting ginang, umiiyak at nananalangin, na ang ulo mo ay nakayuko. Pinahihirapan ng kanser. Kung di ka matatakot,

at sasampalataya, paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo kung masasampalatayanan mo ito. Mapapalampas niya, hayan nga. Gng. Hood, manampalataya ka nang buong puso mo ngayon, na pinaigi na ni Jesus Cristo ang lagay mo, at matatanggap mo na ang kahilingan mo. Ngayon masasampalatayanan mo na ba ito nang buong puso mo? Amen.

283 Nakaupo riyan sa tabi mo ay isang ginang na may sakit sa tiyan, sakit sa puso, mga komplikasyon. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo, matatanggap mo ang kagalingan mo. Sumasampalataya ka ba rito nang buong puso mo, iyo na bang tatanggapin ito? Nananampalataya ka? Sige.

284 Yang lalaki riyan na may almoranas, nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na pagalingin 'yang almoranas na 'yan at paigihin ang lagay mo? Tumayo ka.

285 Ano nang nasa diwa mo, ikaw na nakaupo sa tabi niya, na may luslos? Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na pagalingin ang luslos na 'yan at paigihin ka?

286 Sa ginang naman sa kasunod sa tabing-bisig mo, na hirap na hirap kanina sa sakit ng kanyang ulo. Wala na ito. Di po ba? Kita mo, ang pananampalataya mo ang nagbunsod dito. Yun lang ang kailangan mong gawin, ang manampalataya lamang.

287 Heto ang isang ginang na may diabetes. Nananampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na paigihin ka, ginang, ikaw na nakaupo riyan na may diabetes? Makasasampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung sino ka? Magagawa mo? Gng. Robinson. Yan nga ang pangalan mo.

288 Ipatong mo ang kamay mo sa ibabaw niya na may luslos, marahil paiigihin ng Diyos ang kanyang kalagayan, din. Kung sasampalatayanan mo lang! Magagawa mo ba? Sige po, ginoo.

289 Ang binibini naman sa kasunod mo, ipatong mo ang kamay mo sa kanya, ginoo, may neuritis siya. Nananampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang neuritis na 'yan at paiigihin ka? Sige't magagawa mo, matatanggap mo ang iyong kagalingan, din. Ang kailangan n'yo lang gawin ay manampalataya rito.

290 Ngayon 'yan nga ang pagpapatotoo. Diyos ang gumawa ng pangako, ngayon ilan po rito ang naniniwala na si Cristo ay narito talaga? Sinasampalatayanan n'yo po ba? Ngayon, lahat kayo na nagnanais, sa Presensya Niya ngayon, na nagnanais ng habag mula sa Kanya, na nagnanais ng kahabagan sa inyong kaluluwa, at nagnanais kayo na tanggapin Siya ngayon habang kayo'y nasa Presensya Niya, napagkikilala. Ngayon aking . . .

291 Marahil kung may lalaki na paparito na may mga bakas ng pagkakapako sa kanyang mga kamay, at bakas ng koronang tinik at magsasabi, "Ako ang Panginoon." Kahit sino ngang sanay na sanay magpanggap ay kaya 'yang gawin. Pero, 'yung Buhay! Ang Katawan ng Panginoong Jesus ay naroon sa kanan

ng Kamahalan; na sa pagparito Niya, ay tapos na ang panahon, kapag ang katawan na 'yun at babalik sa lupa. Pero ang Kanya ngang Espiritu ay narito, ang Kanyang Buhay ay nagbibigay ng patunay na Siya nga'y narito. Kita n'yo? "Ako'y kasama ninyo, sumasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

<sup>292</sup> At sa inyo na nagnanais ng habag mula sa Kanya ngayon, maaari lamang po bang tumayo para sa kaunting pagdulog na panalangin? Saanman kayo sa buong gusali, sa inyo na . . . saan man kayo, maaari lamang po bang tumayo? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw diyan sa likod. Siyanga, sige't manatili lang po na nakatayo. Tumayo lamang po, 'yun lang ang hinihiling ko sa inyo na gawin. Tumayo lamang nang kaunting sandali, para sa panalangin. Mangyaring tumayo po para sa Kanya! Kung inyo Siyang ikahihiya ngayon, ikahihiya Niya kayo sa harapan ng Ama; at kung kayo'y—kayo'y nagnanais na ipahayag Siya ngayon, ipapahayag Niya kayo sa harapan ng Ama. "Ninanaais ko na ngayong tanggapin si Cristo bilang aking Tagapagligtas. Ninanaais ko na ako'y punuin Niya ng Espiritu Niya ngayon. Ninanaais ko Siya." Sige't manatili lamang po sa pagkakatayo pansumandali, para sa panalangin, kung magagawa n'yo. Tumayo lang. Sige po. Gusto kong . . . May pangunguna ako na gawin ito, na tumawag sa al- . . . Dumulog sa altar. Tumayo po. Di na rito sa altar na dudulog pa kayo; ang mismong puso n'yo ang altar. Sige't iwaksi ang lahat ng di-pananampalataya, at kilalanin na Siya'y narito ngayon. Sige po't tumayo lamang, sa mga nagnanais na matanggap si Cristo sa oras na ito ngayon, sa Makalangit na Presensya na inyo mismong nararamdaman, na pinapatotohanan ngayon.

Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo.

<sup>293</sup> Panginoong Jesus, sila'y sa Iyo. Sinabi Mo, "Walang makalalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Aking Ama." At ngayon kung pagbabatayan ang siyensiya, di nila magagawang itaas ang kamay nila; dinidikta ng batas ng hatak ng mundo na ang aming mga kamay ay kinakailangan na nakalaylay sa gilid lang. Pero may buhay sa loob nila, at ang buhay na 'yun ay inilalapit sa Buhay na Walang Hanggang, kay Cristo. At bumuo na sila ng pasya sa puso nila, na tapos na sila sa sanlibutan na ito. At itinataas nila ang kanilang mga kamay at tumitindig sa kanilang mga paa, sinasalungat ang batas ng hatak ng mundo, na may buhay roon. Ganoon din na sinasalungat namin ang batas ng sanlibutan at kawalan ng pananampalataya!

<sup>294</sup> Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sila'y sa Iyo. Sila'y mga kaloob ng pag-ibig ng Ebanghelyo. Sila'y mga bantayog ng alaala ng Mensahe, ngayong gabi, at ang . . . Iyong dakilang Presensya ay narito sa kalagitnaan namin. Iyo pong ilagay ang kanilang mga pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, Doon, Panginoon. Amin ngang idinadalangin na—na ang bawat isa sa kanila ay mapapa Roon, bilang Iyong mga anak, Iyong mga iniibig.

<sup>295</sup> Puspusin Mo po sila ng Espiritu Santo ng Diyos, diyan sa kanilang puso. Nawa'y ang kanilang mga buhay ay mapuno talaga ng Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na ang kababaang-loob at pag-ibig at kabutihan at kagandahang-loob ay dumaloy mula sa kanila, at nang may kasigasigan na sikapin na ang iba'y mailigtas, na dating nasa kanilang kondisyon noon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>296</sup> Ang tanging bagay na magagawa namin, Panginoon, ay ang manampalataya. At sila rito'y nakatayo bilang isang bantayog na palatandaan ng kanilang pagsampalataya. At ngayon ang aking pananampalataya at ang kanilang pananampalataya, na magkalakip, amin po itong inilalapag sa Iyong dambana, sa pamamagitan ng pananampalataya. At sila po ang hain na heto na nakalapag dito, hinihintay ang inihandog na Anak ng Diyos na tanggapin sila patungo sa Kanyang Kaharian. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Sa mga sandaling ito sila'y maging sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>297</sup> Ngayon sa inyo na nananampalataya sa Kanya nang buong puso n'yo, na mga nakatayo, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Sinampalatayanan ko Siya. Tinatanggap ko Siya sa mismong sandali na ito bilang aking Manunubos, at humihiling ako na mabautismuhan ng Espiritu Santo." Itaas n'yo lang ang inyong kamay. Pagpalain kayo ng Diyos.

Ngayon maaari na kayong maupo.


<sup>298</sup> Haya't gusto kong sumumpong kayo ng mapupuntahang iglesya, ngayon, agad-agad.

<sup>299</sup> Bukas ng gabi ay magkakaroon po tayo ng—ng pagtitipon para sa bautismo ng Espiritu Santo, bukas ng gabi, dito mismo sa gusaling ito. Ngayon, napakaraming panatisismo na sinasabi nilang Espiritu Santo raw 'yun, pero di ibig sabihin nun ay walang tunay na Espiritu Santo. May tunay na Espiritu Santo ng Diyos, hayan nga. At naniniwala ako na kakatagpuin Niya tayo rito bukas ng gabi.

<sup>300</sup> Ngayon, ilan po rito sa mga nasa loob ng gusali ang kumbinsido na nasa wakas na tayo ng panahon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan po ang kumbinsido na ito nga ang Katotohanan, na ang Salita ay sadyang ganito ang gagawin sa huling mga araw? Itaas n'yo ang inyong kamay. ["Amen."] Ilan sa inyo ang mga mananampalataya? Iwagayway n'yo ang inyong mga kamay. ["Amen."] Buweno. Sinabi ni Jesus ang mga Salitang ito, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nananampalataya, kung kayo'y mananampalataya."

<sup>301</sup> Ilan po rito ang kinakailangan si Cristo sa inyong katawan? Itaas mo ang kamay mo. Sige, kayo na mga mananampalataya na nakaupo sa tabi nila, ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa isa't isa. At 'yung ginagawa n'yong pananalangin sa simbahan n'yo, sa ganoon kayo manalangin. Hindi na ang sarili n'yo

ang ipapanalangin n'yo. Sila na ang ipapanalangin n'yo; sila man ay nananalangin para sa inyo. At sinabi ng Biblia, "Sila nga'y magpapatong ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, at sila'y gagaling." Ngayon manalangin kayo kung paano kayo manalangin, at nang may kalakip na pangako.

<sup>302</sup> Panginoong Jesus, sila'y sa Iyo. Tanggapin Mo sila sa Iyong Kaharian. At pagalingin ang bawat isa, Panginoon; at ang mga panyo na narito. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, Iyong ipagkaloob ito, Panginoon. Wala na ang pagkakahawak ni Satanas. Nawa'y pagalingin ng Kapangyarihan ng Diyos na Pinakamakapangyarihan sa lahat ang bawat isa. 



*Jehovah-Jireh 2* TAG64-0403  
(Jehovah-Jireh 2)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Abril 3, 1964 sa 4-H Club Barn sa Louisville, Mississippi, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)